# *SAKDAL NA PANANAMPALATAYA*

Makalangit naming Ama, 'yun ang layunin namin sa gabing ito. Nagkatipon-tipon kami para manampalataya lamang, sumampalataya lamang sa Panginoong Jesus. Mayroon dito, ngayong gabi, na mga maysakit at nagdadalamhati, at inihandog namin ang aming—aming—aming gawain ngayong gabi sa pagpapagaling sa mga maysakit at mahihinang katawan. Ngayon, gaya ng kaaawit lamang ng mang-aawit sa magandang himnong 'yun, *Then Jesus Came*, dumating Ka nawa sa eksena para sa amin ngayong gabi, Panginoon, at pagalingin ang lahat ng mga nagdadalamhati, at nawa'y wala nang isa man na mahina sa kalagitnaan namin ngayong gabi. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, at tulungan Mo kami habang tumitingin kami sa Salita ngayon para makasumpong ng pananampalatayang sapat para sa oras na ito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

2 (Kanino ang mga ito?) May pares ng salamin dito, na may nakawala, at nakita sa simbahan. Kung sinuman . . . kung sa inyo ang mga ito, buweno, narito ang mga ito sa entablado, sa may pulpito.

3 Ngayon, alam kong marami ang nagtratrabaho, at kailangan nilang umuwi nang maaga, at kaya naman hindi ako magsasalita nang napakahaba; at pagkatapos ay magkakaroon na ng pila para sa pananalangin para sa mga maysakit. Mabibigyan ako ng pagkakataon n'yan para—para maasikaso pa ang ilang mga kaso na kailangang tugunan agad na nariyan mismo sa silid, naabutan ko ang mga 'yun ngayon-ngayon lang bago ako pumasok, at kaninang hapon. Ang ilan sa mga 'yun, hayan nga, ay talagang, napakagrabe't matindi. At tumatawag din ako sa telepono, siyanga, at nananalangin para sa mga maysakit. Ang makita ang kamay ng Panginoong Jesus na nagpapagaling sa mga maysakit at sa mga nagdadalamhati, sadya ngang napaka kamangha-mangha Niya!

4 Ngayon, di gaanong madalas na dumadako tayo rito sa mga gawain ng pagpapagaling, dahil kadalasan kami . . . darating ang Espiritu Santo kung mayroong kaso na kailangan ng agarang tugon, at tinatalos ito kaagad, at ituturo ito at may sasabihin tungkol dito. Pagkatapos ang iba sa mga 'yun, hayan nga, amin mismong . . . marahil di naman ganoong kagrabe, kaya nilalampasan muna namin ito. At naisip ko, yamang dalawang beses ako rito ngayong araw, dapat na ihandog natin ang isang gawain para sa pananalangin para sa mga maysakit. Naniniwala ako sa pagpapagaling sa mga maysakit. Naniniwala ako na isa itong utos sa Biblia. Hindi natin maaaring ipangaral 'yun, nang wala . . . ang buong Ebanghelyo, na hindi kalakip 'yun.

5 Ngayon, posibleng...Hindi ko pa alam, di pa ako tumatawag sa bahay ngayong gabi, pero baka posibleng sa susunod na Linggo ay makakadaan ako uli rito. At kung di kayo—di kayo makapamalita mula sa amin ngayong sanlinggo, kung di magpapabatid si Billy sa inyo (malalaman pa niya kasi nang medyo kalaunan na sa sanlinggong 'yun), kung di kayo makapamalita, kung ganoon pupunta kami uli sa susunod na Linggo; dahil mayroon kayo nung Araw ng mga Manggagawa, kita n'yo, para makapagpahinga, at para...o makauwi. Kita n'yo? At kaya nga sisikapin namin, loobin ng Panginoon. Ngayon, buweno, kung hindi kayo makapamalita...sa tingin ko mag-iiwan si Billy ng card sa inyo, o sasabihin sa pamamagitan ng mga gawain sa kung anong paraan, kaya kung hindi niya kayo tatawagan, kung ganoon ay babalik ako para sa—para sa susunod na darating na Linggong ito. Kaya naman, Kapatid na Neville, ayos lang po ba, isa sa mga gawain? [Nakikipag-usap si Kapatid na Neville kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, ayos lang.

6 Kung may gustong makaalam, itong batang Collins, dito. At noong kasagsagan nung Pitong Tatak, sinabi ng mga doktor sa munting batang 'yun, na mayroon siyang reumatikong lagnat, na kinakailangan niyang maratay at uminom sa pamamagitan ng isang tubo; ganoon—ganoon daw. At dinala siya nung tatay at nanay niya mula sa bahay nila at inilagay siya rito sa silid, ipinanalangin ko siya. At lubusan siyang pinagaling ng Panginoong Jesus, nakabalik na siya sa paaralan; at ipinatawag sila ng mga awtoridad tungkol dito. Kaya tinawagan nila 'yung espesyalista na naghihintay sa kanya, at hindi siya makapaniwala...Hindi siya makapaniwala na ganoon ang nangyari, at dinala nila 'yung bata para sa isang pagsusuri, at siya'y ganap nang normal at magaling. Kaya, dumating nga si Jesus, giniba ang kapangyarihan ng manunukso!

7 Alam n'yo, kakatwang bagay, hihilingin ko sana na may umawit ng awiting 'yun ngayong gabi. At habang nagmiministeryo ako sa silid doon, heto na, may umaawit na rito, *Then Jesus Came*. Kung hindi 'yun—hindi 'yun inawit, hihilingin ko sana na may umawit nun bago ako—ako mangusap ngayong gabi. Kaya, Kanyang—Kanyang ginagawa ang lahat ng bagay nang tama.

8 Ngayon, marami sa inyo ang aabutin hanggang mag-umaga, na may kalayuan pa ang uuwian, at pinahahalagahan ko—pinahahalagahan ko ang—ang ganoong pagsisikap. Magbibiyahe pauwi ang ilan sa inyo ngayong gabi dahil kailangan n'yong magtrabaho pagsikat ng araw, sa umaga, at alam ko—alam kong mahirap 'yun. At pagkatapos kapag naiisip ko, at nakikita 'yun,...

9 Sinusumpong din ako, alam n'yo; nagiging mapanglaw ako. Dumarating din ako sa kalagayan kung saan ako...Yung

nagpapasumpong sa akin, ay kung saan ko nakukuha 'yung mga sumpong na 'yun kapag napapalabis ako sa trabaho, at darating si Satanas na sinasabi sa akin, "Naku, walang nagmamalasakit para sa'yo. Wala ka talagang kaibigan sa mundo, kita mo." At kaya . . .

10 Alalahanin n'yo, hindi po ako libre sa tukso. Kita n'yo, kailangan kong mapagtagumpayan 'yun mismo. Kaya naman sa paglingon ko pabalik at makikita ang isang bagay na ganito, ibinabalik ko 'yun agad-agad sa kanyang mukha't sinasabi, "Ano naman?" Nakakatulong 'yun sa akin para maka—makapanagumpay. "Ano naman?"

11 Gaya nung isa kong kaibigan, na nakaupo sa—sa pagtitipon dito, may isang—isang—isang grupo, parang isang—isang grupo na di naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling, na lumapit dito sa kabataang lalaki't sinabi sa kanya, "Yung bagay na ipinapangaral nila roon tungkol doon sa Makalangit na pagpapagaling, wala kang mapapala roon."

12 At nakatira ang lalaking ito sa Kentucky, malapit mismo sa isang matandang babae na, noong nandun kami sa Acton Campgrounds, na naghihingalo na noon sa kanser. At dumalo ang kapatid niyang babae sa pagtitipon na 'yun noong gabing 'yun na may dalang panyo sa kalupi niya, at tinawag ng Espiritu Santo ang babaing 'yun doon sa likod (at hindi pa ako nakapunta dati sa lalawigang 'yun) at sinabi sa kanya na "may panyo siya sa kalupi niya, na mayroon siya roon, na dala niya mula sa bahay, at ang kapatid niyang babae ay naroon sa isang gulod doon, naghihingalo na sa kanser sa tiyan. Sinukuan na siya ng mga doktor." At sinabi ko, "Pumunta ka't ipatong mo ang panyo sa babae, dahil GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Mabubuhay siya.'" At 'yun 'yung gabi, 'yung mga kapitbahay roon ay inakalang naroon sa kanila ang Salvation Army, pag-akyat kasi ni Kapatid na Ben doon, at doon ipinatong ang . . . At—at pagkatapos ay ganap na gumaling ang ginang na 'yun hanggang sa siya na ang gumagawa ng sarili niyang gawaing-bahay at pati gawaing-bahay ng kapitbahay.

13 Kaya itong binatang ito, yamang nalalaman 'yun, sinabi niya, "Kung ganoon ipaliwanag n'yo ang kaso niya! Yun ang tumapos dun. Ipaliwanag n'yo; alam n'yong may kanser noon ang babae. Narito nga siya noon sa Louisville at inoperahan siya ng mga doktor, at basta na lang sinukuan, 'Tahian na siya, ibalik n'yo na lang siya. Wala nang magagawa pa.' At ngayon lubusan na siyang normal, magaling na." Sabi, "Ipaliwanag n'yo 'yun." Tapos dun mismo. Kita n'yo?

14 Alam n'yo, sa Biblia, ang sabi, "Wala silang masabing pagtutol, dahil nakikita nila ang lalaking pinagaling na nakatayo mismo sa gitna nila, sa kanya na ginawa ang himala."

Diyan mismo tayo. . .Pinapahiya nito si Satanas, hindi ba? Naroon mismo 'yung tao na ginawan ng himala.

15 Binubuhay ba ng Diyos ang mga patay? Narito't nakaupo ang isang lalaki, dito mismo, na binuhay mula sa mga patay. Pinagagaling ba ng Diyos ang mga maysakit? Oh grabe, ang mga kamay nga'y sadyang nagtataasan sa lahat ng dako. Pinagagaling nga ng Diyos ang mga maysakit. At alam natin na Siya ang dakilang—ang dakilang AKO NGA, hindi ang dakilang "Ako noon" o "magiging"; AKO NGA. Tama. *AKO NGA*, 'yun ay "palagiang nariyan, nasa lahat ng dako, sa tuwina"; ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

16 Ngayon, para magmadali na, sige't bumuklat tayo ngayon sa pinagpalang Biblia. Gusto kong bumasa ng isang—isang sipi na—na dati'y sadyang "napapabalikwas ako" kapag binabasa ko ito. At gusto kong magkaroon ng pila para sa pananalangin ngayong gabi, at ipanalangin ang bawat isa na gustong maipanalangin.

17 At ngayon sige't magbubukas tayo sa Marcos, San Marcos, sa ika-11 kabanata ng San Marcos. At uumpisahan natin ang pagbasa sa—sa bandang ika-22 talata ng ika-11 kabanata ng San Marcos. At alam na ng marami sa inyo ang Kasulatang ito, napakapamilyar Nito. Ito ang Kasulatan na iniisip ko, Kapatid na Russell, noong 'yung mga. . .noong kinausap Niya ako't ikinuwento ko ang tungkol doon sa mga squirrel. At kanilang. . .'yun mismo ang Kasulatan na iniisip ko. Noon pa'y palaisipan na ito. Sabi Niya, "Kung sasabihin *ninyo*"; hindi "Kung sasabihin *Ko*". "Kung sasabihin *ninyo*!"

18 Ngayon, bumasa tayo.

> *. . .pagsagot ni Jesus ay* sinabi *sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios.*
>
> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka, at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon.*
>
> *Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na* inyong *hinihingi, kapag* kayo *ay nanalangin, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at* inyong *kakamtin.*
>
> *At kailan man* kayo'y *nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon* kayong *anomang laban sa kanino man: upang ang inyong Ama naman. . .upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan.*

*Datapuwa't kung hindi* kayo *magpapatawad, hindi rin kayo patatawarin sa inyong mga kasalanan ng inyong Ama na nasa mga langit.*

19 Ngayon, ang pananampalataya ay nakabatay sa pagpapatawad, kung ganoon. At pagkatapos, gaya ng ipinangusap natin kaninang umaga, na sinisikap nating dalhin ang iglesya sa isang dako kung saan talagang makikita natin ang panahong apostoliko na kumikilos sa kalagitnaan natin, 'yun ang pinananabikan nating lahat. At naroon lamang ito sa may pintuan. Nakikita natin ito, pero nais nating makita ang higit pa nito. Ibig natin itong dumaloy nang husto na ito'y—ito'y makakatulong sa atin, na sa atin dadaloy papunta sa iba.

20 Alalahanin n'yo, si Jesus (gaya ng natalakay natin sa aralin kaninang umaga), hindi Niya kailanman ginamit ang kapangyarihan Niya para sa Kanyang Sarili, ginamit Niya ito para sa iba. Para dun ito ipinadala. At naiisip n'yo kung minsan, "Bakit ang isang Tao na punung-puno ng kapangyarihan, na gaya Niya, ay magkakasakit din naman?" Siyanga, po. Nabasa ko sa isang aklat, sa isang dako, kung saan noong binuhay Niya 'yung batang lalaking 'yun, 'yung anak ng balo, na taga-Nain (naniniwala akong ito'y sa, *The Prince of the House of David*), na naupo Siya sa isang bato at idinaing ang sakit ng ulo. Kita n'yo? Dinala Niya ang ating mga sakit. Ang ibig sabihin ng *dalhin* ay "ang pasanin ang mga 'yun." Kita n'yo, Kanyang dinala. At nagkaroon Siya ng lahat ng bagay na. . .gaya ng mayroon tayo. Nagkaroon Siya ng sakit, nagkaroon Siya ng mga pagtukso, nagkaroon Siya ng mga problema, nagkaroon Siya ng mga kabalisaan kung paanong mayroon tayo, dahil kinakailangan Niyang maging tamang klase ng Tagapamagitan; kaya kinailangan Niyang makibahagi, ang Magbubukid ng bunga, bago Niya malaman. Ang babae sa may balon at maraming mga bagay, kita n'yo, kung titingin tayo mismo sa Kasulatan.

21 Gusto kong sabihin na naniniwala ako sa bawat Kasulatan, at bawat katiting Nito na totoo. May mga kritiko ngayon na ayaw paniwalaan 'yun. Sinabi minsan ng isang kritiko na "noong isinugo raw ni Jesus 'yung mga alagad kung saan nakatali 'yung batang asno, kung saan nagsasalubong ang dalawang daan, ay paunang inihanda na Niya 'yun kung saan nakatali 'yung batang asno." Kita n'yo, hindi nila nauunawaan na ang *Diyos* ang paunang nagtakda nun.

22 Sinabi ng Diyos sa akin, noong isang araw, ukol kay Kapatid na Dauch, na aking "kakamayan siya, sa lansangan muli." Sobrang kakaiba 'yun, dahil wala ako rito noong umagang 'yun; pero kung lumipas pa ng dalawang minuto, o tumagal pa ng isang minuto, hindi ko sana siya makakasalubong sa daan. Anupa't lumabas ako sa kotse nang tamang-tama lang sa oras para makamayan siya noong paparating siya, doon sa lansangan.

Hindi niya ako nakilala; hindi kasi siya nakasalamin, hindi niya ako makita. Noong narinig niya ang boses ko, nagsimula siyang umiyak. Ano ’yun? Karaniwang hindi naman niya ginagawa ’yun, pero ito nga’y tugon sa kung ano ang sinabi sa kanya roon sa ilalim ng oxygen tent; na gagawin niya ito.

23 Sabi ko, “Mauupo ka rin muli sa simbahan”; ang hinahangad ng kanyang puso. Noong nagdaraos kami ng pagtitipon sa Chicago, gusto niyang makapunta sana sa pagtitipon na ’yun, naroon ang puso niya. Pinadalhan ko siya ng telegrama ng pangungumusta para sa amin at sa mga bata, sinabi sa kanyang nananalangin kami na gumaling na siya, kaagad-agad. At ang isang nagmamahal na kapatid, na bumisita sa kanya, ay nagsabing gusto raw niya—gustong-gusto raw niya talagang pumunta. Anupa’t narito siya’t nakaupo, ngayong gabi, kasama natin. Kita n’yo? Hindi ’yun paunang inihanda. Ang siya ring Diyos ang paunang nagtakda nun, pinakikilos Niya ang lahat ng bagay nang eksakto sa panahon.

24 Sinabi minsan ng isang kritiko na “Hindi nakapagtatakang magagawa ni Jesus na kumuha ng limang buong piraso ng tinapay at pakainin ang limang libo,” sabi, “mas malalaki kasi ang mga buong piraso ng tinapay noong panahong ’yun, at hiniwa-hiwa lang Niya ang bawat tinapay para mapakain ang isang libo.”

25 “Ipinapaintindi ko lang sa iyo, baon ’yun ng isang maliit na batang lalaki para sa kanyang tanghalian!” Bitbit ng isang maliit na bata ang limang buong pirasong tinapay na kayang mapakain ang limang libong katao, at mabusog. Kung ganoon paano nga ’yung labindalawang bakol na puno na naipon pagkatapos? Kita n’yo? Oh, ang mga ganitong tao . . . mga kritiko lang, ganoon nga. Hindi nun binabago ang Salita ng Diyos. Pareho pa rin ito, kita n’yo, tuloy sa pag-usad.

26 Ngayon, gusto nating pag-usapan ngayon ang pananampalataya, at ibang uri ng pananampalataya: *Sakdal Na Pananampalataya.* Isa ’yung dakilang bagay. Ngayon, ang pananampalataya, sinabi sa atin sa Biblia, “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig.” Ngayon, hindi kayo maaaring maligtas nang walang pananampalataya. At ang pananampalataya ay isang bagay na kinakailangan mong paniwalaan na naroon, na talagang wala nang iba pang magdedeklara na naroon ito kundi pananampalataya. Ngayon sinisikap kong magdala ng pananampalataya sa inyo, para makapaghanda kayo para sa pila para sa pananalangin na ito, sa susunod na ilang minuto.

27 Ngayon, pananampalataya: “Ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang Diyos Siya.” At hindi maaari na—na malugod ang Diyos nang walang pananampalataya, hindi n’yo Siya maaaring malugod. At kung sinasabi n’yong

sinasampalatayanan n'yo ang Diyos...haya't di n'yo pa Siya nakikita, kita n'yo, kaya naman kinakailangan n'yo Itong paniwalaan sa pamamagitan ng pananampalataya. At kung nakikita n'yo Siya, hindi na ito pananampalataya. Kita n'yo? Ang anumang idinideklara ng mga pandama, ay hindi na pananampalataya, ito'y isang siyentipikong katotohanan; kita n'yo, hindi na ito pananampalataya. Pero kinakailangan n'yo Siyang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. "At ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalataya sa Diyos; at ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig sa Salita ng Diyos." Kita n'yo? Kailangan n'yo munang sampalatayanan na *ito* ay Salita ng Diyos, at kailangan n'yong lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo? Tanggapin n'yo mismo ang Salita, kung ano ang sinasabi Nito, at "Siyanga!" Ang lahat ng iba pang salungat Dito, ay hindi tama.

28 Kinailangang sampalatayanan ni Abraham kung ano lang ang sinabi ng Tinig sa kanya. At noong sandaang taong gulang na siya, pagkalipas ng dalawampu't limang taon, mas malakas na ang pagsampalataya niya Rito kaysa dalawampu't limang taon na ang nakalipas noong ibinigay Ito sa kanya. Kita n'yo? Sinampalatayanan niya Ito. At "Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di-pananampalataya, kundi lumakas pa, habang niluluwalhati niya ang Diyos, na nalalaman na kaya Niyang gawin ang Kanyang ipinangako." At ganoon ito, ang bawat isa ay dapat na maging ganoon. Kinakailangan mong lumapit nang may di-nagmamaliw na pananampalataya, na nananampalatayang ang Diyos ang nangako. Pero ngayon, kinakailangan na nasa isa kang posisyon para magkaroon ng pananampalatayang 'yun, at 'yun ang pag-uusapan natin; kita n'yo, para matanggap ang pananampalatayang 'yun.

29 Sa Mga Hebreo, sa Aklat ng mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, sinaysay 'yun sa atin.

> ...*ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay,...*

30 Ngayon, dito nabibigo ang maraming tao na matanggap ang kanilang kagalingan, o kung ano man ang hinihiling nila, dahil iniisip nila ang pananampalataya na isang bagay na hindi naman ito. Kita n'yo? Hindi nila ito pinaniniwalaan. Ito—ito'y...ito—hindi ito imahinasyon. Ito'y aktuwal na katunayan mismo.

31 Ngayon, makinig kayong mabuti! Kita n'yo, hindi ito kung anong haka-haka ng isip mo. Sadyang kasing totoo ito sa iyo kung papaanong idinideklara ng alinmang pandama ng katawan mo ang anumang iba pang bagay. Sadyang kasing totoo ito kung papaanong sinasabi ng mga mata ko, "Kapirasong papel ito." Kasing totoo mismo ito kung papaanong masasabing "ilaw 'yan." Kasing totoo mismo ito kung paanong masasabing,

"Nararamdaman ko ang amerikana ko." Kasing totoo mismo ito kung papaanong—kung papaanong naririnig ko ang batang 'yun na nagsasalita roon, o nag-iingay. Kita n'yo, sadyang kasing totoo, gaya ng musikang tumutugtog. Kasing totoo ito mismo kung papaanong nalalasahan ko ang anumang bagay sa bibig ko. Ganoon itong katotoo, pero hindi mo lamang ito maipakita sa ibang tao. Ikaw lang ang mayroon nito. Amen! Sa iyo ito. Ang pananampalataya ay *ang* katunayan; kita n'yo, hindi lang isang kathang-isip. Mangyari nga, na maraming tao ang lumalapit . . .

32 Ngayon, talagang malalalim na aralin ang mga ito, at kukunin ko muna ang ibabaw nito, saka tayo hahalukay pababa. Kita n'yo?

33 Pansinin, isa itong bagay na taglay n'yo; hindi imahinasyon, kung talagang mayroon kayo nito. Kasing totoo ito sa inyo kung papaano ang anumang iba pang bagay na totoo. Kasing totoo mismo ito katulad—katulad ng batid n'yo na—na nakasakay kayo sa inyong sasakyan. Kasing totoo mismo ito kung papaanong alam n'yo na nakaupo kayo sa simbahan. Kasing totoo mismo ito kung papaanong naririnig n'yo ang boses ko. Isa itong katotohanan, hindi isang imahinasyon, hindi isang emosyon; kundi bagay na taglay n'yo mismo, at dumarating ito sa inyo sa pamamagitan ng pakikinig ng Salita ng Diyos, at Doon lamang. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at sa pakikinig ng Salita ng Diyos." Bumabaling ito pabalik sa kung saan naroon ang pananampalataya n'yo, hayan nga, at hindi nasa kung sinong indibiduwal. Hindi sa kung sinong tao. Hindi sa kung anong organisasyon. Hindi sa kung anong grupo ng mga tao. Sa Diyos mismo, dahil ang Diyos ay ang Salita. Kita n'yo? Ang pananampalataya n'yo ay nasa Diyos.

Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig sa Salita ng Diyos.

34 Kung magkagayon kapag ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, . . . hindi ng kung anong ginawa ng iba, o kung anong sinabi ng iba, kundi sa pamamagitan ng kung ano ang sinabi ng Salita ng Diyos. Ang sabi Niya, "Ang salita ng bawat tao ay maging kasinungalingan, at ang sa Akin ang totoo."

35 Ngayon, may makikita kayong iba na gumagawa ng isang bagay sa pamamagitan ng gawa o pagkilos ng Diyos, o isang pangako ng Diyos; at marami sa kanila ang magsasabi, "Kaya ko ring gawin 'yan, siyanga." Isa 'yung imahinasyon. At kapag ginawa nila, matatagpuan n'yo sila na wasak doon sa kung saan. Kinakailangan kasi na isa itong katotohanan. Ngayon, potensyal 'yun na pananampalataya. Isa 'yung bagay na magdadala sa iyo sa isang pananampalataya. Potensyal 'yun, gaya ng kung hihingi kayo sa akin ng puno ng encina, at bibigyan ko kayo ng bunga ng encina. Potensyal na mayroon na kayong puno ng encina, pero hindi pa ito tumubo; pero kapag talagang

tumubo na ito, ito'y isang puno mismo ng encina. At may panahon na nasa imahinasyon mo na ginagawa ito ng Diyos, . . . Pero kapag inihayag ito sa iyo, isa na itong pananampalataya kung magkagayon, isang Sakdal na Pananampalataya na hindi maaaring mabigo.

36 Yun ang dahilan kung bakit ang mga pangitaing 'yun ay labis—labis na napakatindi sa akin, dahil napatunayan 'yun na "tama" sa bawat pagkakataon. Kita n'yo? At alam kong ipinangako Niya 'yun. At ipinangako Niya ito sa Salita Niya, at heto Siya na dumarating at ipinangako ito para sa panahong ito. Kaya, alam mo kung saan ka nakatindig, kapag sinabi Niya mismo. Kita n'yo, nagbubunsod 'yun sa akin ng pananampalataya, dahil hindi Siya kailanman gumagawa ng anuman na salungat sa Kanyang Salitang nasusulat. Kita n'yo? At kung salungat ito sa Salita, hindi ako maaaring magkaroon ng pananampalataya rito. Ibinabaling ito pabalik mismo sa Salita, kita n'yo, pananampalataya sa pakikinig sa Salita ng Diyos. Kinakailangan n'yong pakinggan ang Salita! Ang Salita ng Diyos ay ang Buong Kasapatang Salita na 'yun. Ito lang ang kailangan n'yo, ang Salitang ito.

37 Ngayon, ang pananampalataya bilang ang katunayan, at nalaman natin dun, sa Mga Hebreo, kung ano ang pananampalataya at kung ano ang ginawa nung mga may pananampalataya. Kita n'yo, madalas na may pananampalataya ang mga tao ngayon, at bukas wala na sila nito, sa susunod na araw may *kung ano*, at *kung anong iba pa*. At kapag iniangkla na ito ng Diyos, at nakikita mo na ito, wala nang anuman ang makakapagpatinag pa sa iyo mula rito. Pasundot-sundot, paabot-abot, pahaka-haka. At ang *pahaka-haka* ay "pagbabaka-sakali nang walang awtoridad," sinusubuk-subukan mo lang *ito*, at sinusubuk-subukan mo lang *ito*, at babaling sa gawi *rito*, at tatakbo *rito*, at tatakbo *roon*. Wala ka pang Pananampalataya! Pero kapag. . . 'yun ang tinatawag nating *pananampalataya*.

38 Ako—ako—ako. . . Ipagpaumanhin n'yo. Nais ko na inyong. . . Salamat, kapatid.

39 Nais ko—nais kong makuha n'yo ito ngayon. Tayo. . . Kinakailangang iangat ng Iglesya ang Sarili Nito sa kapangyarihan ng Diyos. Papaano? Napakalapit na natin sa kawakasan, ngayon; at sa palagay ko ang Iglesya ay nasa kalagayan na kung saan maaari na natin Itong turuan ng medyo mas malalalim na bagay, at kuskusin paalis ang ilan sa kunwang-pananampalataya na ito, kita n'yo, at dumako na sa isang bagay na totoo. Kita n'yo? At kinakailangan na isa itong bagay na alam n'yo!

At kung sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, hindi 'yan ang ilaw."

“Subalit alam kong ito ang ilaw.”

“Papaano mo nalaman na ’yan ang ilaw?”

“Tinitingnan ko ito.”

“Buweno, papaano mo malalaman na hindi ka nagkakamali?”

“Noon pa ma’y idinedeklara na ng paningin ko sa akin na ’yan ay ilaw.” Kita n’yo?

40 At ’yun ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa mga pangitaing ’yun, dahil idinedeklara nito sa akin ang katotohanan noon pa man, dahil nagmumula ito sa Salita. Kita n’yo? Kung ganoon kapag sinabi Niya ito, ’yun na nga ito. Ngayon, kapag idineklara ito nang ganoon, wala nang haka-hakang palagay, mangyayari’t mangyayari ito. Pagkatapos maririnig mo ito “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” kita n’yo, dahil ito’y—ito’y lampas sa kaisipan ng tao. Naroon mismo ito sa mga dako ng kaisipan ng Panginoon. Pero nakatayo kayo rito, kung papaanong ang Puno. . . kung papaano lamang ang isang sanga’y naglalabas ng bunga na nasa Puno ng Ubas. Kita n’yo? Gumagamit ang Diyos ng tao, at tao lamang. Hindi gumagamit ang Diyos ng makinarya. Hindi gumagamit ang Diyos ng grupo ng mga tao. Hindi gumagamit ang Diyos ng mga organisasyon. Gumagamit ang Diyos ng mga indibiduwal, sa tuwina!

41 Ngayon ang pananampalataya ay ang katunayan, at sa pamamagitan nito, napag-uunawa natin, na nagawa na ang lahat ng mga bagay na ’yun. Hindi ito isang—hindi ito isang imahinasyon, ito’y isang katunayan; lalo na ang Sakdal na Pananampalataya. Yun mismo ang ipinapangusap ko ngayong gabi, patungo sa Sakdal na Pananampalataya. Hindi ito isang imahinasyon.

42 Ngayon, ang iba, ay pinalalapit ang mga tao na nagsasabi, “Oh, buong pananampalataya ang taglay; oh, tunay na taglay ko.” Buweno, para ano pa ang itinatayo mo rito, kung ganoon? Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo, ang mismong—mismong ikinikilos n’yo ang nagpapatunay na wala sa inyo ang sinasabi n’yo. Kita n’yo? Kung mayroon kayong pananampalataya, kung ganoon para sa ano pa ang itinatayo n’yo sa pila para sa pananalangin? Kita n’yo? Para saan at ginagawa n’yo pa ang mga bagay na ito?

43 Kita n’yo, kung mayroon kayong Sakdal na Pananampalataya, titingin kayo nang diretso mismo sa Diyos at sasampalatayanan ito, at uusad na. Hindi n’yo—hindi n’yo na kailangang pumunta pa sa isang pila para maipanalangin. Hindi n’yo kakailanganin ang mga bagay na ito, dahil ipinangyari na ito ng inyong pananampalataya. Kita n’yo? Ano pa ang silbi na magsasabi ako, “Kailangan kong magsuot ng kamiseta”? Samantalang nakasuot na ako ng kamiseta!

44 "Papaano mo nalalaman na may suot kang kamiseta?"

45 "Buweno, nakikita ko ito, nararamdaman ko ito, alam kong naroon mismo ito." Buweno, ganoon mismong katotoo 'yun kapag kumapit ang Sakdal na Pananampalataya. Hindi ka—hindi ka na mangangailangan pa. Tapos nang nagawa ito; batid mo.

46 "Paano mo malalaman ito?"

47 "Sinasabi sa akin ng pananampalataya!" Ganoon lang. Kita n'yo? Nauunawaan n'yo na ba ngayon, kung ano ang ibig kong sabihin? Ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun.

48 Ngayon, sa madaling salita, nagbabakasakali akong sabihin, "Buweno, pupunta ako. Sinabi ng Biblia, 'Ipatawag ang mga matatanda, pahiran nila ng langis, ipanalangin ito.' Alam ko, pupunta ako." At sasabihin mo, "Buweno, gagaling ako." Kita n'yo, pinipilit mo ang sarili mo; kung hindi ka magbabantay ngayon, ibubunsod mo ang sarili mo na sadyang—sadyang ipinipilit. Pagkatapos pagdaan niya, sasabihin niya, "Oh, hindi ko—hindi ko pa rin ito makita-kita." Kita n'yo, hayun ka nga, wala kang pananampalataya!

49 Ibubunsod ito dun mismo ng tunay mong pananampalataya. Ibubunsod ito ng inyong—inyong tunay na pananampalataya na maging totoo sa inyo na. . . Tingnan n'yo 'yung munting babae na inaagasan ng dugo, ang sabi niya, "Kung mahihipo ko lamang ang laylayan ng Kanyang damit, gagaling ako." At pagkahawak niya, sinabi niyang kanyang "nadama sa kanyang sarili na tumigil na ang kanyang pagdurugo." Talagang sinampalatayanan niya 'yun.

50 At noong mahipo niya Ito . . . para patunayang tumigil na nga ito—tumigil na ito, lumingon si Jesus at nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?" Ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun! At ang siya ring Sakdal na Pananampalatayang 'yun ngayong gabi, ay hihipo kay Jesus Cristo kung paano ito gumawa noon. Lumapit ang babaing 'yun na may taglay na Sakdal na Pananampalataya para sa panahong 'yun.

51 Ngayon, nakikita natin ngayon, sa una'y walang ganitong Sakdal na Pananampalataya ang mga alagad. Wala sila nito, dahil nasa kanila si Cristo, lumalakad sila na kasama Siya; pero pagkatapos, si Cristo'y napasakanila na. At kaya nga, kita n'yo, mahirap noon na magkaroon ng Sakdal na Pananampalatayang ito nang wala ang Espiritu Santo; Ito ang kailangang maghatid nun, Ito ang naghahatid nun. Ngayon, sasabihin n'yo, "Walang Sakdal na Pananampalataya noon ang mga alagad?" Wala; dahil mayroon silang batang epileptiko roon, na sinisikap nilang palayasin ang demonyong 'yun sa kanya, at hindi nila magawa.

52 At nakita nung tatay si Jesus na paparating, at sabi nito, "Dinala namin ang aking anak sa—sa Iyong mga alagad, at hindi nila siya mapagaling." Kita n'yo?

53 At pagkatapos, tinanong ng mga alagad si Jesus, na sinasabi, “Bakit hindi namin siya mapagaling?”

54 At sinabi ni Jesus, “Dahil, sa kakulangan ng pananampalataya, sa inyong kawalan ng pananampalataya.” Siyanga. “Dahil sa kawalan ninyo ng pananampalataya sa . . . ”

55 Ngayon alalahanin n’yo, taglay nila noon ang kapangyarihan. Binigyan sila ni Jesus ng kapangyarihan para pagalingin ang mga maysakit, para buhayin ang mga patay, at magpalayas ng mga demonyo, ilang araw lang bago ’yun. Mayroon silang kapangyarihan, pero wala nung pananampalataya para gamitin ang kapangyarihan. Ngayon, nariyan ang Branham Tabernacle! Hayan ang Iglesya, ang Nobya, sa panahong ito! Narito ang Espiritu Santo na dala ang kapangyarihan, pero kayo, siyanga’t wala nung pananampalataya na ’yun para pakilusin ito. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Kinakailangan ng pananampalataya para mapakilos ito.

56 Ganito: Mayroon akong bala na kinarga ko mismo. Sa pamamagitan ng balistika alam ko kung ano ang gagawin nito, gaya ng Salita, pero kinakailangan kong paputukin ang baril. Kinakailangan makarating ’yung apoy sa pulbura. Yung pulbura ’yung nagtataglay ng kapangyarihan, pero kailangan nito ng apoy para sumiklab ito. At ganoon din, ’yung pulbura’y naroon naman sa bala, pero kailangan nito ng pananampalataya para kargahan ito ng puwersa’t paputukin ito. Yun ang kinakailangan, kita n’yo, Sakdal na Pananampalataya para pasiklabin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na taglay natin ngayon, dahil bumaba Siya sa atin; pananampalataya para sumiklab, para makakita ng mga dakilang bagay, ay para . . . ang pananampalataya, isang bagay na iprepresenta ito sa inyo.

57 Habang may puso na puno ng kagalakan, lalakad ka sa silid ng mga maysakit, na batid mo nang eksakto kung ano ang sasabihin mo. Papasok doon at alam mo mismo ang mangyayari, mayroon nang nahayag, at batid mo ’yun. At papasok ka, “Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumayo ka mula riyan. GANITO ANG SABI NG PANGINOON!” Hayan nga; ’yun ang Sakdal na Pananampalataya. Kung mayroong sampung milyong tao na nakatayo roon na nagsasabing hindi ito mangyayari, batid mong mangyayari’t mangyayari pa rin sa anumang paraan, dahil batid mo mismo ito. Mangyayari’t mangyayari ito. Kahit ano pa ang sabi-sabihin ng iba, ikaw ang may ganoong pananampalataya.

58 Makikinita n’yo ba, si Josue, tinipon niya ang matatanda ng Israel at nagsabi, “Uh, mga kapatid, tayo’y mga lingkod ng Panginoon, ibig ko sanang kayo’y sumambit ng isang . . . humiling sa Panginoon kung ayos lang kaya kung—kung bibigyan Niya tayo ng kaunti pang sikat ng araw, kita n’yo, at patigilin ang araw nang kaunti pang saglit”?

59 Hindi; siya'y may pangangailangan noon (at nang walang panalangin, walang ano pa man), kailangang-kailangan nga niya, at inutusan lamang niya ang araw! Sabi niya, "Tumigil ka riyan! May pangangailangan ako, at nasa tungkulin ako ng Panginoon, at ipinadala Niya ako rito para gawin ang trabahong ito, at ginagawa ko ang lahat ng makakaya kong gawin, nakakalat ang kaaway, at narito lang sila't naglipana; kung hahayaan kong lumubog ang araw, magtitipon-tipon sila't magdudulot ng mas malaking problema. Kaya naman, tumigil ka! At, buwan, diyan ka lang!" Amen; huminto 'yun dun sa loob ng dalawampu't apat na oras.

60 Ngayon, kung umiikot ang mundo at pinahinto niya ito, at nanatili ang araw sa isang posisyon at hindi ito kumilos, anong nangyari mismo nung panahon na 'yan? Ngayon, gagawin mo ang sarili mo na di-naniniwala sa Diyos, kung magsasabi ka ng *ganito*; at mangyari rin na kung hindi, tunay na pinaglalabo-labo mo ang siyensya, dahil sabi nila kapag huminto raw ang mundo, dapat nahulog ito. Kaya ano na? At kung sasabihin mong hindi tama ang Salita ng Diyos, kung ganoon hindi mo kinikilala ang Diyos. Kita n'yo? Pero nangyari nga ito, 'yun ang mahalaga. Hindi ko alam 'yung mekanismo nito, pero nangyari ito!

61 Hindi ko alam ang mekanismo ng Espiritu Santo, pero alam kong bumaba Ito sa akin. Hindi ko—hindi ko masasabi ang mekanismo Nito, pero alam ko ang mga pagpapala Nito. Yun—'yun ang tanging nais ko—nais ko na malaman, 'yun ngang mga pagpapala ng Espiritu Santo. At ang mga mekanismo, Siya ang gumagawa nun. Kanyang sikreto 'yun.

62 Hindi mapagaling-galing ang batang lalaki na 'yun, dahil . . . Mayroong kapangyarihan ang mga alagad; binigyan sila ni Jesus ng kapangyarihan para pagalingin ang lahat ng uri ng mga sakit, para magpalayas ng mga demonyo, para maglinis sa mga ketongin, at para buhayin ang mga patay. Binigyan Niya sila ng kapangyarihan, pero wala silang pananampalataya para paganahin ang kapangyarihang taglay nila. At pagkatapos ay tinanong nila si Jesus at sinabi, "Buweno, ngayon, bakit hindi namin magawa 'yun?"

63 Ngayon, tandaan, nasa kanila ang Salita; at ang Salita ay Laman noon. At sinabi ng Salita sa kanila, "Binibigyan Ko *kayo* ng kapangyarihan." Amen! "Binibigyan Ko *kayo* ng kapangyarihan." At nasa kanila mismo ang kapangyarihan, pero wala silang pananampalataya para paganahin ang Salita na nasa kanila. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pero, mayroon nito si Jesus, Siya ang Salita, at mayroon Siyang pananampalataya na kung anong sabihin Niya ay mangyayari. Sabi Niya, "Oh, dalhin n'yo siya rito. Gaanong katagal Akong magtitiis sa inyo?"

64 Mayroon Siyang pananampalataya, kalakip ng Kanyang

kapangyarihan. Papaano Siya nagkaroon? Ang sabi Niya, "Wala akong magagawa sa Aking Sarili." Bakit? Nagtiwala Siya sa kung ano Siya; nagtiwala Siya sa pagkaalam na Siya ang Salita. At mayroon Siyang pananampalataya sa Diyos, Na nagpaging Salita sa Kanya. Siya ang Diyos (ang Salita), at sila'y nasa Kanya, at binigyan Siya nun ng pananampalataya dahil naunawaan Niya ang Kanyang posisyon. Alam Niya kung ano Siya, dahil sinabi ng Kasulatan na *ganito* nga Siya. At dito'y nagkakaugnay-ugnay ang bawat Kasulatan, para patunayan Siya sa kung ano mismo ang sinabi ng Kasulatan na magiging Siya, at alam Niya mismo kung ano Siya.

65 Samakatwid, nagtiwala Siya sa kung ano ang pagkagawa ng Diyos sa Kanya. At kung ginawa Niya 'yun, kung ganoon kaya ba nating magtiwala sa kung anong pagkagawa sa atin ng Diyos bilang mga mananampalataya? "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya!" Mayroon Siyang pananampalataya sa kung ano Siya. At kung isa kang mananampalataya, mayroon kang pananampalataya sa kung ano ka: isa kang mananampalataya! At kung mayroon kang pananampalataya sa Diyos, sinasabi ng Biblia rito sa. . . "Kung ang ating—kung hinahatulan tayo ng ating puso, kung ganoon ay hindi tayo maaaring magkaroon ng pananampalataya; ngunit kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, kung ganoon ay mayroon tayong pananampalataya, tayo'y may kapanatagan sa Diyos." Kung gusto n'yong basahin 'yun, matatagpuan 'yun sa San Juan 3:21. Naisulat ko roon 'yung Kasulatan.

66 Ngayon pansinin, San Juan. . .Ang ibig kong sabihin ay Unang Juan 3:21. Pansinin.

> . . .*kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating* mga puso, *ay* may *pagkakatiwala tayo* sa *Dios;*

67 Pero hangga't gumagawa ka ng mga bagay na mali, hindi ka maaaring magkaroon ng pagkakatiwala sa Diyos. Kaya, nakita n'yo, maaari kayong. . .kusa n'yong malalaman na mali kayo. Kusa n'yong ilalagay ang inyong sarili roon na isang makasalanan, sa pagkaalam na mali kayo. Pero kung hindi ka hinahatulan ng inyong puso, at batid mo na isa kang mananampalataya, at walang anuman sa pagitan mo at ng Diyos, maaari mong hilingin ang nais mo't batid mo mismo na ipagkakaloob ito, dahil ito ang Salita na ibinigay sa iyo sadyang kung paano ito sa mga alagad noon.

68 Ngayon, ang bagay lang na kailangan mong gawin kung ganoon, ay ang magkaroon ng pananampalataya sa kung ano ka. Magkaroon ng pananampalataya sa kung ano ang sinasabi ng Salita kung ano ka! At may pananampalataya si Jesus sa Salita ng Diyos, na nagsabi kung ano Siya, "Nasusulat tungkol sa Akin." Hindi ba si David, sa Mga Awit; at ang mga propeta, at lahat sila ay nagsabi tungkol sa Kanya? "Ako ang Tinapay

ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit." Amen! "Ako ang Punongkahoy ng Buhay mula sa halamanan ng Eden. Ako'y lahat ng mga bagay na ito, AKO YAONG AKO NGA." At alam Niya sa pamamagitan ng Sakdal na Pananampalatayang 'yun, na Siya ang pinahirang Mesiyas, na sumasa Kanya ang Espiritu ng Diyos. Sabi Niya, "Ngayon, ako, sa Aking Sarili, ay hindi gumagawa ng anuman; kundi ito'y pananampalataya Ko sa Diyos." At ang Diyos ay nasa Kanya, ang Salitang nahayag. At kapag pumasok sa iyo ang Salita ng Diyos, Ito'y mahahayag, dahil isa kang mananampalataya. Kita n'yo? At ang isang mananampalataya ay "ang pananampalataya ng Diyos na kumikilos sa inyo."

69 Gusto n'yo ba 'yun? Gusto ko—gusto ko—gusto ko kapag kayo'y. . . gusto kong magturo ukol sa kung saan ang. . . kung paanong. . . kung ano talaga ang pananampalataya.

70 Nalalaman kung Sino Siya, nang walang anino ng pag-aalinlangan, alam Niya mismong Siya ang Anak ng Diyos. Alam Niya 'yun, dahil ipinakilala ng Salita. Ipinakilala ng Salita ng Diyos kung Sino Siya. Sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag kayong sumampalataya sa Akin; pero kung—kung hindi Ko ginagawa ang mga gawang 'yun, ay huwag kayong sumampalataya sa Akin. Pero kung ginagawa Ko, kung ganoon ay sumampalataya kayo sa mga gawa, dahil ang mga 'yun ay nahayag na Salita na ipinangako." Oh, kung magigising lamang kayo roon, pansumandali! Nakita n'yo, ipinakilala Siya ng Salita Mismo, kung Sino Siya. At ang sabi Niya, "Sinong makahahatol sa Akin tungkol sa kasalanan?" Sa madaling salita, "Sinong makapagpapakita sa Akin na ang buhay Ko at ang mga gawa Ko ay hindi katuparan mismo ng kung ano ang dapat gawin ng Mesiyas?" Walang makapaparatang ng kahit ano; dahil Siya nga ang katuparan. Tapos mayroon Siyang pananampalataya para makasampalataya, kung ganoon; na kung ano man ang sabihin Niya, ay mangyayari.

71 Pagkatapos bumaling Siya't nagsabi, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo. At kaunting panahon pa, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y kasama ninyo, at sasainyo. Huwag kayong mangamba kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat hindi kayo ang magsasalita, ang Ama na tumatahan sa inyo; Siya Yaong magsasalita. At hindi Ako, ang Aking Ama na tumatahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng Kanyang mga gawa." Nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin?

72 Ngayon, ang pagkakakilanlan ng isang Cristiano na nakabatay sa Kasulatan, ay ang mga Salitang ito na sinabi ni Jesus: "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya." Ngayon, paano n'yo matatawag ang sarili n'yo na isang mananampalataya, isang bayan, tapos haya't

itinatanggi ang mga Salitang 'yun? Papaano n'yo matatawag ang sarili n'yo na isang mananampalataya at pagkatapos itinatanggi ang alinman sa Salitang ito? Kita n'yo? Hindi n'yo 'yun magagawa. Hindi ka maituturing na mananampalataya, kaya hindi maaaring lumakip ang mga tanda, dahil tinatanggap mo lang kung ano ang gusto mong paniwalaan at iniitsa-puwera ang iba pa Nito . . . hindi mo—hindi mo Ito sinasampalatayanan. Pero kailangan mong tanggapin ang buong bagay, at sampalatayanan Ito. At kapag talagang nanampalataya ka (hindi kunwang nananampalataya, kundi talagang nananampalataya), kung ganoon ay lalakip ang mga tandang ito sa nagsisisampalataya.

73 Oh, maihahalintulad n'yo ba ang isang Cristiano sa panahong ito sa kanila na mga Cristiano noong naglaong panahon? Kung papaanong sila na mga alagad ay lumakad sa kapangyarihan ng Espiritu, pinakilos ng Espiritu Santo, ay nagawa ito. Bilanggo lamang, kagaya ng ipinangaral ko noong isang gabi, isang bilanggo sa Salita at sa kalooban ng Diyos; haya't di nga siya makakakilos hanggang sa pakilusin siya ng Diyos. Hindi n'yo ba ibig na makakita ng isang Iglesya na magbangon na gaya nun? Mangyayari; manunumbalik. Ito'y—ito'y siguradong darating. Siyanga. Ito'y kaila- . . . Nasa daan na ito ngayon, naniniwala ako.

74 Dahil ipinakilala ng Salita, ipinakilala ang Kanyang Sarili, kung ano Siya; at ipinapakilala rin tayo ng siya ring Salita. Kita n'yo? "Kung iniibig Ako ng isang tao, tinutupad niya ang Aking utos. At kung sinasabi niyang iniibig Niya ako, at hindi tinutupad ang Aking mga utos (ang lahat mismo), isa siyang sinungaling, at wala sa kanya ang Katotohanan."

75 Sasabihin n'yo, "Buweno, hindi ko sinasampalatayanan lahat . . . " Buweno kung ganoon, siyanga't . . . isa ka mismong di-mananampalataya, ganoon 'yun. Kung sinabi mismo ng Biblia, ibinubunsod nun na tama ito, sapat na 'yun Magpasawalang Hanggan. Haya't kung ano mismo ang sinabi ng Biblia, 'yun ang Katotohanan.

76 Pansinin n'yo kung saan sinabi Niya sa atin, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Salita Ko'y nasa inyo." San Juan 15, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, . . . " Kita n'yo, manampalataya sa Kanya. "Mananatili kayo sa Akin, at ang Salita Ko'y mananatili sa inyo, kung ganoon ay hingin *ninyo* ang anumang inyong nais."

77 Ngayon, kita n'yo, alam Niya kung sino Siya, kaya naman mayroon Siyang pananampalataya. May kakayahang magbunga ang pananampalataya kapag nakikilala Niya kung ano Siya. Ngayon, "Kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Salita Ko'y nasa inyo," kung ganoon ay nakikilala n'yo kung sino kayo. "Hingin ninyo ang anumang inyong nais, ito'y ibibigay sa inyo."

78 Hindi ba't magiging napakaganda nun, ngayong gabi, kung ang lahat ng dadaan dito sa pila para sa panalangin, ay magsasabi, "Isa akong Cristiano. Walang paghatol sa akin. Batid kong—batid kong hindi ako hinahatulan ng puso ko. May bagay na nagsasabi sa akin na ngayong gabi ang katapusan ng paghihirap ko"? Yun, ang gagawin n'yo. Aalis kayo rito na may bagay na dala. Kahit na gaano pa kayo lumapit na may emosyon, gaano man ang gawin n'yo, hindi ito gagana hanggang sa mahayag ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun at ipakilala ang sarili nito sa inyo, bilang isang katunayan. At kapag naroon na ito, kung ganoon ay wala nang makapagpapatinag sa inyo mula rito.

79 Kung—kung mayroon kang kanser, at sinabihan ka ng doktor na mamamatay ka na bago mag-Lunes ng umaga, ('yung buong puso mo, wala na ang paghinga mo, kinain ka na ng kanser, 'yung dugong dumadaloy sa iyo'y naging ganap nang kanser, kung ano man ito); at may Bagay na dumating na dala ang katunayan ng tunay na pananampalatayang ito, ang Sakdal na Pananampalataya ay pinaging katunayan sa iyo, tatawa ka sa harapan ng doktor na 'yun.

80 Magiging tulad ka ni matandang Elias, noong pabalik-balik siyang lumakad sa harap ng diyus-diyosan na 'yun, at nagsabi, "Maaari bang medyo lakasan n'yo pa ang pagtawag n'yo? At baka siya'y abalang-abala lang." Alam ni Elias kung ano ang gagawin niya, dahil sinabi na ng Diyos sa kanya kung ano ang mangyayari. Sabi niya, "Ang diyos na tumutugon sa pamamagitan ng apoy, ay ang siyang Diyos."

81 Sabi nila, "Tatanggapin namin ang mungkahing 'yan." At nagbuhos sila ng tubig sa mga dambana. At sila'y—sila'y naghiwa ng kanilang mga sarili, at ginawa na nila ang lahat, at tumawag, "Oh Baal! Oh Baal! Tumugon ka!"

82 Panatag lang si Elias. Sabi niya, "Lakasan n'yo pa ang pagtawag," sabi—sabi, "baka siya'y abalang-abala lang. Baka—baka siya'y nasa isang lakad para mangisda. Baka abala siya sa kung anong bagay, kita n'yo. Naroon siya sa kung saang lugar." Sila nga'y. . . Nilibak mismo sila, dahil alam niyang mangyayari ito.

83 Oh, panoorin n'yo noong naihanda na niya ang lahat. Lumakad siya roon at nagsabi, "Panginoong Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Israel!" At hayan nga na di niya siya tinawag sa kanyang pangalang *Jacob*, "manlilinlang." Kanyang tinawag siya na *Israel*, "prinsipe ng Diyos."

84 "Panginoong Diyos ni Abraham, Isaac, at ng Prinsipeng 'yun (si Jacob), ipakilala Mo sa araw na ito na ako ang Iyong lingkod; at ginawa ko ito, hindi sa aking pagnanais, hindi sa gawa-gawa ko lang, kundi sa Iyong utos ay ginawa ko ito; ang Iyong kalooban, sinabi Mo sa akin ang gagawin. Ipinakita Mo ang mga

bagay na ito ay mangyayari. Ngayon, ibinuhos ko na ang tubig sa dambana. Ginawa ko na ang lahat ng mga bagay na ito batay sa Iyong utos. Ngayon, ipabatid Mo ito!" At noong sinabi niya 'yun, bumaba ang apoy mula sa kalangitan. Natitiyak niyang bababa ito, dahil nasa kanya na ang katunayan. Bakit? Sinabi na mismo ng Salita.

85 Ngayon, ang Bibliang ito'y siya pa ring Salita ng Diyos. At kapag kaya mong tanggapin ang katunayan ('yun ang Sakdal na Pananampalataya); katunayan na ang pangakong ito ng Diyos ay sa *iyo*.

86 "Anong pakiramdam mo, Kapatid na Branham kapag tumatayo ka roon at nakikita mo ang mga tao na mula sa iba't ibang lingguwahe't mga bagay-bagay? Natatakot ka ba?" Hindi, po. Hindi, po. Sinabi na Niya! Hindi ako natakot kailanman, dahil sinabi na Niya sa akin, at sumasampalataya akong ito'y Katotohanan.

87 Kung sinabi Niya sa akin ngayong gabi, na pumunta sa libingan ng mga presidente't buhayin si George Washington bukas ng umaga, aanyayahan ko ang buong mundo, "Halikayo at panoorin n'yo ito na mangyari." Sasabihin ko, "Dalhin n'yo ang bawat. . .dalhin—dalhin n'yo ang bawat kritikong madadala n'yo at patayuin sila sa palibot, masasaksihan n'yo ang Kaluwalhatian ng Diyos. Ilagay n'yo ang upuang 'yun dito kung saan makakaupo kayo at makapagpapahinga saglit; paririto siya sa isang saglit, pagkatawag ko."

88 Noong gabing 'yun noong 'yung munting batang lalaki sa Finland, o noong araw na 'yun, pala; na nakahandusay ang bata roon na patay na, nakahandusay roon sa loob ng kalahating oras, luray-luray, na tumatagas ang dugo mula sa mga mata, ilong at tainga; nabali 'yung maliliit niyang binti, sa maliliit niyang medyas; at lumusot ang mga paa niya sa dulo ng kanyang medyas, wala na ang mga sapatos niya. Tumingin ako't naisip ko, "Yun na nga marahil ang batang lalaking 'yun." Sabi ko, "Teka muna, tingnan natin sa likod ng Bibliang 'yan, Kapatid na Moore."

89 Naroon si Kapatid na Lindsay, tiningnan ni Kapatid na Moore 'yung likod: "'At mangyayari,' SABI NG PANGINOON," (Oh, grabe!) "'sa isang—isang lupain kung saan maraming tumutubong evergreen. Na nagkakapatong-patong ang mga bato. Isang maliit na batang lalaki na may maiksing gupit ng buhok, munting pambatang damit na nakabutones dito, at sa mga paa niya. . .nakahila nang mataas ang mga medyas niya. Mayroon siyang kulay-kapeng mata, ang mga 'yun ay kukubli sa likod. Mapapatay siya sa isang aksidente ng sasakyan. Pero ipatong mo ang mga kamay mo sa kanya, at siya'y mabubuhay muli.'"

90 Hayun nga Ito, nakasulat doon. Hayun ang bata na nakahimlay, amen, hinihintay lamang ang Salita. Sabi ko, “Kung ang batang ito’y hindi mabuhay sa ilang minuto mula ngayon, kung ganoon ay isa akong bulaang propeta, itaboy n’yo ako palabas ng Finland. Pero kung ang bata’y mabuhay, magpatirapa kayo at magsisi!”

91 Sabi ko, “Kamatayan, hindi mo siya maaaring hawakan.” Tinawag ko ang espiritu niya ayon sa Salita ng Diyos, “Sa Pangalan ni Jesus Cristo,” tumayo nga siya. Tama! Kita n’yo? Oh, grabe! Ang pananampalataya, kita n’yo, ay kumapit. Diyos mismo ang nagsabi, kaya hayun nga ito!

92 Ngayon, ’yun—’yun ang Diyos na nagsasalita sa panahong ito sa pamamagitan ng mga pangitain. Pero heto: kung salungat ang pangitaing ’yun *Dito*, ’yun ang mali; *Ito* kasi’y higit kaysa sa pangitain. Kung salungat ang anumang pangitain sa Salita, isantabi mo ang pangitain; hindi ’yun sa Diyos, dahil hindi sinasalungat ng Diyos ang Sarili Niyang Salita.

Kaya, kung sinabi ng Salitang ito sa iyo ang isang bagay, kung ganoon ay maaari kang magkaroon ng parehong kumpiyansa sa kung anong mangyayari. Walang anumang... Kung sinasabi Nito, “Ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit at sila’y gagaling”; buweno, kapatid, kung ang pananampalataya, ang Sakdal na Pananampalatayang ’yun, ay kumapit doon, ikaw nga’y...pagdaan mo sa pila rito para sa panalangin, mapapatalon ka’t mapapasigaw hanggang sa ikaw...pag-alis mo rito, “Tapos na!” Tapos na! Tapos na ang lahat, tapos na! Kung mayroon kang kahilingan sa puso mo’t naniniwalang kapag naipanalangin na ’yun, ay tutugunin ’yun, wala na kayong pagdidiskusyunan pa, ’yun at ’yun ang mangyayari; kagaya roon sa babaing inaagasan.

93 Mayroong Sakdal na Pananampalataya si Jesus. Siya—Siya nga’y mayroon nito, at dumating ito dahil Siya ang Salita. At kayo’y naging ang Salita; kayo’y naging ang Salita, sa pagtanggap n’yo sa Salita. “Kung kayo’y nananatili sa Akin, at ang mga Salita Ko’y nasa inyo. Ang Aking mga Salita na...” (ang Salitang *ito*) “ay nananatili sa inyo, pagkatapos ay hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito’y gagawin para sa inyo.” Kita n’yo? “Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-alinlangan, kundi manampalataya sa inyong sinabi, kung ganoon ay mangyayari nga ang bagay na sinabi ninyo. Kapag kayo’y mananalangin, manampalataya kayong tinanggap na ninyo ang hinihiling ninyo, at iyon ay mapapasainyo; ibibigay ito sa inyo.” Oras, agwat man, haya’t walang makapagbabago nito. Alam n’yong ito’y nagawa na. Ito nga’y—ito nga’y tapos na.

94 Ngayon, masdan n’yo! Ngayon, at sinabi Niya sa atin, “Kung kayo’y nananatili sa Akin, at ang Salita Ko sa inyo,” San Juan,

dito, "hingin ninyo ang anumang inyong nais, ito'y gagawin." Kung ganoon, ay kilalanin n'yo ang posisyon n'yo sa Kasulatan, bilang isang mananampalataya. Kita n'yo, kinakailangan n'yong makilala ang inyong posisyon, kung paanong kinilala Niya ang Kanyang posisyon.

95 "Hindi ba't nasusulat na darating ang Cristo, at kung ano ang lahat na gagawin ni Cristo?" Sinabi Niya kay Cleofas at sa iba pa noong umagang 'yun, "Hindi ba't nasusulat sa mga Kasulatan na kinakailangan nilang . . . na kailangan Niyang magdusa at pagkatapos ay mamatay at mabuhay sa ikatlong araw?" Sabi, "Bakit napakakupad ng inyong pang-unawa?"

96 At sa isip-isip nila, "Naku, medyo iba magsalita ang lalaking ito kaysa sa ibang tao." Nalaman na lang nila, noong pagpasok nila sa bahay-panuluyan, na Siya pala 'yun. Kita n'yo, ang mga mata nila'y hindi pinahintulutan na makilala Siya. Kita n'yo, ang alam lang nila'y sunud-sunod Niyang inilalatag ang patungkol sa Kasulatang 'yun, at pagkatapos napagkilala nilang Siya 'yun.

97 Ngayon, kailangan n'yong sampalatayanan kung ano ang hinihiling n'yo. Kung kayo'y mananampalataya, kilalanin n'yo ang inyong sarili bilang isang mananampalataya. Kilalanin n'yo na ang mga bagay na ito'y para sa inyo.

98 Kung may paghatol sa inyong buhay, ituwid n'yo muna 'yun. Kita n'yo? Kung may paghatol sa inyong . . . Ako . . . o marahil kahit si Oral Roberts pa at—at sandosenang tao na may pananampalataya ang pumunta rito at ipanalangin kayo, at lulundag-lundag, at magbubuhos sa inyo ng galon-galong langis, ito—ito nga'y di—di mismo kikilos. Siyanga.

99 Ano 'yung nasasantabi sa mga pagtitipon ni Oral? Nakikita ko sila sa pila para sa panalangin. Naririnig n'yo ang Diyos na nagsasabi, "Ipinanalangin ka na dati. Isang lalaking may itim na buhok, medyo malaki ang katawan na lalaki, malaki ang panga." Si Oral Roberts 'yun. Kita n'yo? "At dun 'yun sa *ganitong* siyudad; tinatawag 'yung *ganito't, ganitong* bagay."

100 "Opo, tama po." Kita n'yo?

101 "Ipinanalangin ka na ng *ganito-at-ganoong* lalaki." Kita n'yo, parang ganoon. "Pero heto nga. Heto ang problema mo." Kita n'yo? "Humayo ka't ituwid mo ang bagay na 'yun. Pumunta ka roon at aminin mo ang kasalanang 'yun sa iyong asawang lalaki, sa iyong asawang babae. Pumunta ka't gawin mo ang *ganitong* bagay." Ito'y walang anumang maibubunsod na mabuti sa iyo, kahit sino pa ang manalangin para sa'yo, hanggang sa maituwid mo ito. May paghatol kasi sa puso mo, at hindi papasok ang Diyos sa puso mo na may paghatol. Kita n'yo? Hindi nananahan ang Diyos dun; kinakailangan mo itong itama. Pagkatapos kapag nagawa mo na, kailangan may pananampalataya ka. Kung ang lahat ng bagay ay tuwid

na, kinakailangan mong magkaroon ng pananampalataya at sampalatayanan ito. Huwag kang matakot.

102 Sa Aklat ng Job, sinasabi Nito rito, “Natakot si Job.” At ang kinatakutan niya, haya’t talagang nangyari. Ano ang nagdulot nun? Ang takot niya. Yun ang nagpangyari dun. Iniiwas sana siya ng pananampalataya niya rito, pero ang takot niya ang nagdala sa kanya. . . nagdala nito sa kanya. Natakot siyang mangyayari ’yun, at nangyari nga. Ngayon, kung—kung alam lang sana niya na hindi ’yun mangyayari, hindi nga ’yun mangyayari. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

103 Kung natatakot ka sa pagdulog mo sa pila para sa panalangin, “Baka wala lang talaga akong sapat na pananampalataya”; hinding-hindi ’yun mangyayari, kaya huwag kang mag-alala. Kita n’yo? Pero kung alam n’yong mangyayari mismo ito, mangyayari’t mangyayari nga ito. Kita n’yo? Kita n’yo, ito kasi’y katunayan ng isang bagay. Nagkaroon ng takot noon si Job na darating ang mga bagay na ’yun sa kanya, at dumating nga. Kung may takot ka na lilisanin ka ng karamdaman mo. . . o hindi ka lilisanin, hindi nga ’yan lilisan. Kung mayroon kang pananampalataya, doon nga’y lilisan ito.

104 Tanungin n’yo ang sinumang doktor ng medisina. Ang unang bagay na sisikapin niyang ipagawa sa inyo, ay magkaroon ka ng kumpiyansa sa gamot na ibinibigay niya sa inyo. Kung wala kayong kumpiyansa rito, mabuti pang isantabi n’yo na lang ito. Kita n’yo? Ganoon nga! Kaya ano ito? Ang pananampalataya ang nagbubunsod ng kagalingan; ang pananampalataya ang gumagawa nito sa lahat ng oras.

105 Si Pedro, ayos lang siya noon hanggang sa natakot siya. Sinabi ng Salita sa kanya, maaari siyang lumakad sa tubig. Natakot siya noong una, inakala niyang isa ’yung—isa ’yung multo, at sinabi niya, “Panginoon kung Ikaw nga ’yan, ipag-utos Mo na lumapit ako sa Iyo sa ibabaw ng tubig.”

106 Sabi, “Halika.” Ngayon, pareho mismo ’yun dun sa Santiago 5:14, pareho dun sa Marcos 16. Sinabi Yun ng siya ring Diyos, sabi, “Halika.” At pagkatapos nagsimula na siyang lumakad. Maayos naman niyang nagagawa, bumaba sa bangka, nagsimulang maglakad sa ibabaw. . .

107 May bagyo noon sa dagat, alam n’yo; naglalakiha’t, bumubulang alon, na mas nagtataasan pa kaysa sa mga burol sa paligid dito, makakapal ang bula sa ibabaw nun; nagtataasan, na marahil labinlima, dalawampung talampakan ang taas, nung bumubulang makapal na alon. At napakabigat na bagay ’yun para hilingin niya, “Kung Ikaw po ’yan, Panginoon,. . . ” Kita n’yo, si Jesus ay parang isang. . . isang anino o isang espiritu kung titingnan. Sabi niya, “Kung Ikaw po ’yan, ipag-utos Mo na lumapit ako sa Iyo sa ibabaw ng tubig.”

108 Sabi ni Jesus, “Halika.”

109 At bumaba siya, sabi, "Ang Panginoon nga, sige't lalakad po ako." Pero noong napatingin siya sa mga alon, natakot siya. Ano ang pumasok sa isip niya? Unang bagay, siya . . . "Lalakad ako dahil sinabi ng Salita na lumakad ako." At noong sumunod, napatingin siya sa kanyang . . . buweno, napatingin siya sa mga sintomas niya; tumingin siya roon at nakita kung gaanong kalalaki nung mga alon, at natakot siya; at noong matakot siya, lumubog siya. Kita n'yo? Ang kinatatakutan niya, nangyari nga! Kung ano ang pinaniwalaan niya, nangyari mismo! Noong naniwala siyang makalalakad siya, nakalakad nga siya; noong naniwala siya't natakot, sa kanyang paniniwala, mangyari nga na nilisan siya nung kanyang katunayan. Kita n'yo? Nasa kanya pa rin naman ang pananampalataya niya, pero naiwaglit niya ang katunayan. Ang katunayan nga'y papaibabaw sana sa mga bumubulang alon na 'yun at makakapagpatuloy sana siya papunta kay Jesus, kita n'yo, kung mayroon siyang Sakdal na Pananampalataya. Kita n'yo? Pero wala siya nito. Inakala lang niya na taglay na niya. Nagawa niya sa una, naglakas-loob siya, "Aba, sinabi ng *Panginoon* sa akin na gawin ito, tiyak ngang mangyayari ito." Kaya naman humakbang lang siya basta pababa nung bangka, at humakbang na. Hindi niya naisip ang tungkol sa—sa—sa—sa mga alon, kung gaanong salungat ang mga 'yun. Hindi 'yun pumasok sa isip niya.

110 Ngayon, kapag unti-unti mong maiisip, "Buweno, sandali lang. At, alam mo, napakatagal ko nang may sakit, ako . . . " Hinto! Mas mainam pang bumalik ka na lang sa bangka. Kita n'yo? Kita n'yo? Pero kung itinigil mo ang pag-aalala tungkol dun, . . .

111 "Hindi itinuring ni Abraham ang kanyang sariling katawan, na patay na, maging ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sarah." Hindi niya inisip ang tungkol dun, ni hindi 'yun itinuring na ganoon. Ni hindi 'yun sumagi sa—sa pang-unawa. Hindi niya man lang ipinalagay; kinilala lamang niya kung ano ang sinabi ng Diyos, at umusad siya. Hangga't—hangga't ganoon ang ginawa ni Pedro, lumakad siya.

112 Pero nabubuhay si Jesus sa isang daigdig na walang sinuman ang nakakaalam, isa Siyang kakaibang Tao. Nabuhay Siya sa isang daigdig ng Sakdal na Pananampalataya sa Sakdal na Diyos, na Siya nga. Kung nabubuhay tayo sa isang Sakdal na Pananampalataya ng isang Cristiano, sa kung ano tayo, tayo'y magiging mahiwaga sa mundo; hindi ka mauunawaan ng mga tao. Lalakad ka sa Espiritu. Ang sinasabi ng Espiritu, gagawin mo. Ang ipinagbabawal Nito, hindi mo gagawin. Pagkatapos sisimulang sabihin ng mga tao . . . sila . . . na ikaw ay isang—isang mahiwagang tao sa kanila.

113 Ganoon 'yun sa lahat na mga mananampalataya, sila'y mahiwaga. Hindi nauunawaan ng mga tao, dahil nabubuhay sila sa isang daigdig sa kanilang sarili. Nabuhay si Jesus sa

isang daigdig na wala nang iba pa ang makalilirip. Hindi Siya maunawaan ng mga alagad. Kapag nakikipag-usap Siya sa kanila, sinasabi nilang *ganito*. At pagkatapos sasabihin ng mga tao, "Aba, Ikaw—Ikaw nga'y nagsasalita ng talinghaga! Hindi namin—hindi namin ito maunawaan. Papaano ba?" Kita n'yo, wala sila sa daigdig na ginagalawan Niya. Kita n'yo, hindi nila Siya naunawaan, walang makaunawa sa Kanya.

114 At ganoon din kapag ang isang tao'y nabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya at lumalakad sa pananampalataya, ibig kong sabihin sa katunayan na pananampalataya, nakabukod siya mula sa buong mundo at nagiging isang bagong nilalang kay Cristo. Hayan, siyanga't patugaygay na kayo sa kahandaan ng pagiging Nobya. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Papunta na kayo sa kalagayan para sa Pag-agaw, ngayon. Bawat isa sa atin ang ibig patungkulan n'yan; hindi lang ang pastor, mga diyakono, mga katiwala. Yan nga'y para sa karaniwang tao, bawat indibiduwal na naglalakad sa isang daigdig na tanging ang Diyos ang kasama. Nabautismuhan kayo sa Kahariang ito, at walang sinuman ang naroon kundi ikaw at ang Diyos. Kita n'yo? Siya ang nagbibigay ng utos, at dala-dala mo ang mga 'yun kung saan. Ano man ang sabihin Niya, wala ngang anino ng alinlangan saan man, nagpapatuloy ka sa paglakad. Kapag sinabi ng Panginoon ang *ganito*, walang sinuman sa mundo ang makakukumbinsi sa iyo na lumayo mula rito, magpapatuloy ka pa rin gaya ng dati. Ngayon papunta ka na sa Sakdal na Pananampalataya, sakdal na kasakdalan na hindi maaaring mabigo. Ang pananampalatayang *Iyon* ay di kailanman nabibigo. Oo, mahiwaga Siya sa kanila sa Kanyang Sakdal na Pananampalataya; at ganoon din ngayon sa mga may taglay na Sakdal na Pananampalataya, sila'y mahiwaga sa iba.

115 Tinuruan tayo na "salansangin n'yo ang diyablo, at siya'y lalayo sa atin." Ngayon, ang *salansangin* ay basta mismo "tanggihan siya"; basta *salansangin* siya, ibig sabihin nga'y "layuan mismo ito." Kapag may partikular na bagay na sinabi ang Diyos; kahit ano pa ang sinisikap ng kaaway na sabihin sa inyo, hindi nga kayo makikinig sa kanya. Inyo ngang... bingi na ang mga tainga n'yo sa ano pa mang ibang bagay maliban sa sinasabi ng Espiritu. Kita n'yo? "Ang may pakinig (na nakikinig), tingnan kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya"; 'yung may pansagap para makapakinig, na nakakaunawa sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. Kita n'yo?

116 Sabihin man ni Satanas, "Buweno, talagang hindi ko kaya..." Wala 'yang anumang kinalaman sa... "Buweno, kung ituturo mo *'yan*, maglalagay ang denominasyon ng..." Wala nga 'yang anumang kaugnayan dito, magpapatuloy at magpapatuloy siya ano't anuman.

117 "Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa

mga iglesya." Alam n'yo, sa Biblia, Ito nga'y sinasaysay sa tuwina. "Ang may pananampalataya. Ang may tainga upang makapakinig, ay makinig." Kita n'yo? "Ang may karunungan, ay bilangin niya ang bilang nung hayop." Lahat ng mga iba't ibang bagay na ito. "Ang mayroon, ay sabihin niya ito sa iba pa sa kanila, upang sila naman ay magkaroon."

118 At 'yun nga'y sa pamamagitan ng pananampalataya na pinag-uusapan natin ngayon, pananampalataya na dapat mong makamtan, ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun; ang pananampalatayang 'yun na nagsasabing, "Oo!" Walang anuman ang makapagsasabi ng "hindi" kapag sinabi na ng Diyos na "Oo." Kita n'yo? Kapag sinabi na Niyang "Oo," Ito'y "Oo!" At wala nang iba pa na makapagwawaglit Nito sa inyo.

119 Sa Kanyang Sakdal na Pananampalataya, Siya nga'y talagang kakaiba. At hindi namamalagi nang matagal ang diyablo sa paligid Niya. Nakuha natin 'yun sa aralin kaninang umaga. Noong dumating ito dala-dala 'yung napakatinding panlalansi ng—ng intelektuwal na pagkaunawa, binobola niya si Jesus doon noong dumating siya, at nasumpungan niya ang sarili niya na nasabit siya sa sampung libong boltaheng kable: ibinalik 'yun sa kanya. Siyanga po. Sabi ni Jesus, "Nasusulat, hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao!" Whew! Nagimbal siya pagkatapos.

Medyo naging banayad na siya noong sumunod, noong sabihin niya, "Ngayon isa Kang dakilang Tao, maaari Mong itaas ang Sarili Mo rito, maging tanyag."

120 Sabi, "Layuan mo Ako, Satanas." Oh, naku, grabe ang sumalubong sa kanya! At, "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos." Kita n'yo, pinatunayan Niya ang Sarili Niya kay Satanas na Siya ang Panginoong Diyos. "Sapagkat nasusulat, 'Huwag mong tutuksuhin . . .'"

121 Ngayon, kung—kung hindi alam ni Satanas na 'yun ang Panginoong Diyos, sinabi sana niya, "Sandali lang, hindi naman Ikaw ang Personang 'yun." Pero alam niya ang mas mainam kaysa sa makipagtalo roon sa Kanya.

122 Alam Niya kung anong tayo ang dapat niyang tindigan. Sabi Niya, "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos." At 'yun 'yung kung Sino Siya. At alam ni Satanas ang mas mainam kaysa sa sabihin 'yun, dahil pinatunayan na ng mga gawa ni Jesus na Siya nga 'yung Panginoon mong Diyos.

123 Pansinin n'yo ngayon ang isa pa. Ang Sakdal na Pananampalataya ang kumukontrol ng lahat na sirkumstansya. Ang Sakdal na Pananampalataya ang siyang may hawak ng lahat na sirkumstansya. Ano pa man ito, kontrolado Nito ito. Ngayon, masdan n'yo mismo! Kapag pinaniniwalaan n'yo ang ano man, ginagawa ang ano man, at mayroon kayong pananampalataya sa ginagawa n'yo; kahit ano pa ang

sirkumstansya, wala itong isa mang kinalaman dito. Kita n'yo, kontrolado nito ang lahat ng sirkumstansya. Kung ito man ay sa isang—isang silid ng karamdaman, at inihayag na ng Panginoon na mangyayari ang ganitong partikular na bagay, salitain mo lamang ito't umusad ka.

124 "Oh, ang . . .?" Huwag ka nang magtanong-tanong pa. Tapos na ito, umusad ka lang. Kita n'yo? Kontrolado nito ang lahat ng sirkumstansya. "Buweno, kung gagawin mo ang *ganito*, gagawin ni *Ganito-at-ganoon* . . . " Hayan nga . . . kita n'yo, kontrolado na Nito ito. Kita n'yo?

125 Naniniwala ang pananampalataya na ang Diyos ang gagawa nito. "Hindi ko alam kung papaano Niya gagawin ito, pero gagawin at gagawin pa rin Niya sa papaano mang paraan." Kita n'yo? Kontrolado nito ang lahat ng mga pangyayari.

126 At ang pananampalataya at pag-ibig ay magkaugnay, dahil hindi ka maaaring magkaroon ng pananampalataya nang wala kang pag-ibig, dahil ang pananampalataya mo ay nasa isang Diyos na siya mismong diwa ng pag-ibig. Magkasamang gumagawa ang pananampalataya at pag-ibig.

127 Heto nga, tulad na lang ng isang magkasintahan. Ipagpahalimbawa mo ang isang binata at dalaga, at iniibig nila . . . nag-iibigan sila sa isa't isa. At habang nagpapatuloy sila't nagsisimulang makilala ang isa't isa nang higit pa, ang mga puso nila'y sadyang nagsisimulang tumibok bilang isa. Kita n'yo? Sila'y—sila'y . . . kahit na hindi pa sila mag-asawang lalaki't babae, pero pinagbubuklod sila ng kanilang pag-ibig, at may tiwala sila sa isa't isa. Ngayon, kung talagang mahal nila ang isa't isa, na talagang nagmamahalan, at alam mong mahal ka ng babaing ito at—at alam niyang mahal mo siya, mayroon kayong tiwala (pagtitiwala sa isa't isa) kung mayroon kayong tiwala sa isa't isa; kung wala ka nun, mas mainam na huwag mo na siyang pakakasalan. Kita n'yo?

128 Pansinin, kinakailangan n'yong magkaroon ng pananampalataya. At paghiwalayin mo man sila't ilagay mo ang isa sa kadulu-duluhan ng timog at ang isa sa kadulu-duluhan ng hilaga, naroon pa rin ang pag-ibig na 'yun na tumitibok para sa isa't isa, saan mang lupalop sila naroon. Sila'y sadyang nananatiling tapat sa isa't isa, dahil iniibig nila ang isa't isa. At kung iniibig mo ang Panginoon, hindi 'yung sinisikap mo lang kasing di maimpyerno, kundi iniibig mo talaga ang Panginoon, haya't mayroon kang pananampalataya sa Diyos; kita mo, kung minamahal mo Siya.

129 Gaya ng isang—isang kabataang babae . . . nangyari lang dito sa Louisville, kamakailan. May isang babae, isa siyang—isa siyang . . . Cristiano nang marami nang taon, pero ang asawa nga niya'y . . . umibig, umibig siya sa lalaking ito. Naging Cristiano ang lalaki, nang ilang taon pa lang. At mangyari nga na ikinasal

sila; nagmahalan sila't may tiwala sila sa isa't isa, at nagpakasal sila. At pagkatapos sinabi nung babae sa lalaki, sabi, "Asawa ko, mahirap marahil sa'yo, isa ka pa lang baguhang Cristiano. Napakarami mo pang kinailangan pagdaanan." Yung pag-iinom ang tinutukoy. Sabi, "Napakarami mong kinailangang pagdaanan." At sabi, "Alam kong tiyak na tutuksuhin ka nang matindi." At sabi, "Ibig kong malaman mo ang isang bagay ngayon. Ngayon, kung mangyaring mahulog ka, kung mangyari na—na mahulog ka sa tukso at magapi ka, huwag kang lumayo sa bahay; bumalik ka lang. Pumunta ka mismo rito, dahil ako—ako'y narito lang na naghihintay sa iyo, at tutulungan kitang manalangin muli hanggang sa makapanagumpay ka. Mananatili akong kasama mo, dahil noong pinakasalan kita, pinakasalan kita dahil mahal kita. At kahit ano ka pa, mahal mismo kita."

130 Ilang araw pagkatapos nun, kumakain 'yung lalaki ng tanghalian kasama ng mga kasamahan niya dun sa pakuluang-silid, ikinuwento niya sa mga kasamahan ang tungkol dun, sabi, "Ngayon, papaano makagagawa ang isang lalaki ng anumang mali gayong may nagmamahal sa iyo nang ganoon?" Kita n'yo?

131 Hayan nga. Papaano—papaano mo sasansalain ang ganoong pagtitiwala?

132 At noong mga makasalanan pa tayo, nahiwalay, walang Diyos; nasa sanlibutan, nasa maruming putik, gaya ng ipinangusap ko kaninang umaga, pumunta ang Diyos sa atin! Hinanap ka ng Diyos, hindi mo kailanman hinanap ang Diyos. "Walang makalalapit sa Akin maliban na ilapit siya muna ng Ama." At bumaba ang Diyos sa putikan na 'yan, kung ano ka noon, at hinanap ka at hinango ka! Marapat lamang na lumikha 'yun ng isang Sakdal na Pag-ibig. Tingnan mo kung ano ka dati, at tingnan mo kung ano ka na. Anong may bunsod nun? Isa na nagmamahal sa iyo! Kaya naman hindi ba't makasasampalataya ka sa kung anong ipinangako Niya sa iyo, kung ganoon? Ang tunay na dalisay na pag-ibig ay lilikha ng tiwala sa Kanyang Salita.

133 Sinalo Niya ako noong ako'y walang kabuluhan. Wala pa rin akong kabuluhan, pero nasa Kanyang kamay ako. Kita n'yo, sinalo Niya ako. At inibig Niya ako noong hindi ako karapat-dapat ibigin. Inibig ka Niya noong hindi ka karapat-dapat na ibigin, pero binago ka Niya. Parang 'yung sinabi nung kapatid na itim na babae, noong panahong 'yun sa kanyang patotoo, sabi niya, "Hindi pa ako—hindi pa rin ako ganoon sa kung ano ako dapat, at hindi pa ako ganoon sa kung anong gusto ko, pero hindi na ako ganoon sa kung ano ako dati!" Alam niyang nakarating na siya sa isang kalagayan, may kung anong bagay na nangyari. At ganoon nga ito. Kung ang Diyos, noong hiwalay pa ako sa Kanya, ay labis na akong inibig hanggang sa nagpakababa Siya para kunin ako, at hanguin ako, 'yun nga'y nagbubunsod sa akin ng tiwala na gusto Niya akong gamitin. Mayroon Siyang layunin

sa paggawa nun. May nakita Siya sa akin. May nakita Siya sa inyo. Mayroon Siyang dahilan para iligtas kayo, tingnan n'yo ang mga tao na hindi ligtas ngayon. Tingnan n'yo ang milyun-milyon na kinuha sana Niya sa halip na ikaw, pero kinuha ka Niya. Amen! Walang makapapalit sa lugar mo. Amen! Nasa pamamalakad ka ng Diyos. Walang makagagawa nito. Yun ang Pag-ibig Niya sa *iyo*.

134 Kung ganoon, hindi ba't dapat ang pag-ibig n'yo ay umabot naman pabalik sa Kanya? At mayroong pag-iibigan. Kahit ano pa ang situwasyon, ang mga sirkumstansya ay pinamumunuan ng Pag-ibig na ito na lumilikha ng Pananampalataya: na iniibig kayo ng Diyos at iniibig n'yo ang Diyos, at iniibig n'yo ang isa't isa, at—at nagbubunsod 'yun ng Pananampalataya. Buweno. Kung ganoon hindi nito—hindi nito maaaring hadlangan na ilabas nang sadyang eksakto kung ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin nito.

135 Ngayon, masdan! Ang Sakdal na Pananampalataya ay dalisay, kasing dalisay ng pag-ibig. Kita n'yo? Ngayon, kapag mayroon kang minamahal, at mayroon kang. . .mahal mo ang asawa mong lalaki o mahal mo ang asawa mong babae. Ngayon, hindi na kailangang sabihan ka ng sinuman na "huwag mong gawin" ginagawa mo pa rin ito, dahil ginagawa mo na ito, at alam mong ginagawa mo nga ito.

136 Ngayon, kung itatanong ko, "Paano mo—paano mo patutunayang ginagawa mo nga ito?"

137 "Oh, pinatutunayan ko ito sa paraan ng pamumuhay ko sa kanya." Kita n'yo? "Isa akong matapat, marangal na asawang babae. Isa akong matapat, na marangal na asawang lalaki, at pinatutunayan nun sa akin na mahal ko—na mahal ko ang asawa kong babae; o mahal ko ang asawa kong lalaki." Kita n'yo, pinatutunayan ng buhay mo kung ano ka. Pareho 'yan sa pagiging Cristiano. Kita n'yo? Ang pananampalataya mo, mayroon kayong tiwala sa isa't isa, ito'y dalisay. At ito'y bagay na totoo, na hindi n'yo ito maipapakita sa iba, pero kamit n'yo ito, at pinatutunayan ito ng inyong kilos.

138 At kapag mayroon kayong puro't, di-nahaluang Pananampalataya, katulad ng pag-ibig n'yo sa inyong kapares, mangyari nga na pinatutunayan n'yo 'yun sa pamamagitan ng kilos n'yo. Hindi na kayo nagrereklamo pa, alam n'yong tapos na ito, magpapatuloy lang sa paglakad. Kahit ano pa man ang itsura nun, ano man ang sabi-sabihin ng iba, alam n'yo kung ano mismo ang nangyari. Alam n'yong tapos na ito; gaya ng kung papaanong alam n'yo na mahal n'yo ang asawa n'yong lalaki, kung paanong alam n'yong mahal n'yo. . .Kita n'yo, kinakailangang magkalakip ang pag-ibig at pananampalataya. Magkamag-anak ang mga ito, umiibig ang mga ito. Nagbubunga ng Pananampalataya ang Pag-ibig.

139 Kapag tinutukso tayo ni Satanas, dapat nating labanan siya sa isang Sakdal na Pananampalataya sa isang Sakdal na Salita, gaya ng ginawa ni Jesus. Ang Salita ng Diyos ay sakdal. Kinakailangan nating magkaroon ng Sakdal na Pananampalataya sa Sakdal na Salitang ito, at salansangin si Satanas.

140 Ngayon bibilisan na natin, nang simbilis na makakaya natin.

141 Sa pamamagitan ng Kanyang Pananampalataya sa—sa Kanyang Salita tayo (Siya'y mapanagumpay), may kakayahan tayong pagtagumpayan ang kahit ano: maging kamatayan, impyerno, at ang libingan. Alam natin ang Diyos ay Diyos, ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun sa Sakdal na Salita ng Diyos, Kanyang napagtagumpayan na ang lahat ng bagay na makaharap Niya. Ni hindi makatatayo ang kamatayan sa Kanyang Presensya. Hindi makatatayo ang karamdaman sa Kanyang Presensya. Ang dumadaloy mula sa Kanya'y gaya ng mga ilog ng kagalingan, na walang humpay na dumadaloy palabas, dumadaloy ang kagalingan mula sa Kanyang damit. Ang mga taong 'yun, na natatamaan ng Kanyang mga anino; hahakbang, idadaiti ang kanilang daliri sa Kanyang damit at gumagaling. Noong ginawa 'yun ng babaing 'yun, mangyari nga na gustong hipuin ng lahat ang Kanyang damit, dahil nakita nilang may kagalingan na walang humpay na dumadaloy mula sa Kanya, dumadaloy na gaya ng mga ilog. Hayun Siya, naglalakad, naglalakad sa isang mundo na may Sakdal na Pananampalataya, dahil Siya ang Salita.

142 At ngayon, "Kung kayo'y nananatili sa Akin," sa pamamagitan Niya, dinala Niya ang Salita sa inyo; "at ang Aking mga Salita ay nananatili sa inyo," pagkatapos ay lumalakad sa ganoon ding uri ng paraan: dumadaloy ang kagalingan mula sa inyo, ang mga ilog ng mga bukal ng pagpapala ng Diyos ay sadyang dumadaloy papunta sa mga tao. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? At hindi kayo nagpapanggap lang, hindi ito imahinasyon. Aktuwal na nangyayari ito, at nakikita n'yo ito. Kung nasa haka-haka n'yo lang ito, walang anumang maibubunsod na mabuti 'yun; pero kung talagang naroon ito, nangyari talaga ito.

143 Ngayon pansinin! Kita n'yo, sa pamamagitan Nito, noong tumayo Siya at sinabi Niya, "Gibain ninyo ang Katawang ito (ang Templong ito), Akin Itong itatayo muli sa loob ng tatlong araw." Bakit? Siya'y sadyang may kasapatan na gagawin Niya 'yun, dahil sinabi ng mga Kasulatan na gagawin nga Niya ang bagay na 'yun (ang Mesiyas): "Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni Aking titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan." Isang propeta, na dinaratnan ng Salita, ang nagsabi na mangyayari 'yun, at alam Niyang Siya ang Taong 'yun.

144 At noong ang. . .si Jesus, Siya Mismo, ay nagsabi, "Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa maysakit," o "Ipapatong nila ang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y gagaling." Kung. . .

Kinakailangan n'yong magkaroon nung ganoon ding ganap na tiwala na "kapag naipatong ang mga kamay sa akin, gagaling ako," dahil ganoon ang sinabi Niya.

145 Sabi Niya, "Gibain ninyo ang Katawang Ito, at Aking itatayo Ito sa loob ng tatlong araw," dahil batid Niyang Siya ang Mesiyas. "Hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan"; batid Niyang Siya Yaong Banal. "Ni hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno"; hindi nga Siya iniwan. Batid Niyang gagawin Niya ito. Mayroon Siyang kumpiyansa na naroon Siya para pagtagumpayan kapwa ang kamatayan at impyerno, sabi, "Gibain n'yo Ito, kung ibig n'yo, at itatayo Ko Itong muli sa loob ng tatlong araw." Oh, naku! "May kapangyarihan Akong ibigay ang Aking buhay, o may kapangyarihan Akong kunin itong muli"; alam Niya kung Sino Siya.

146 Kayo'y Cristiano. Mayroon kayong karapatan sa alinmang pagpapala ng pagkatubos na ikinamatay ni Jesus para sa inyo. Ang lahat ng ito'y inyo! Binayaran na ito, kinakailangan n'yo na lamang sampalatayanan ito. Hindi haka-hakain ito; kundi sampalatayanan ito, at mabatid na sa inyo ito, at maaari n'yong angkinin. Oh, 'yun ang Pananampalatayang mapanagumpay: pagkaalam! Oo.

147 Alam Niyang mangyayari ito bago pa man. May kakayahan Siyang paunang sabihin na mangyayari ito, dahil alam Niya mismo na mangyayari ito; at kung ano man ang Kanyang paunang sabihin, ay nangyayari. Ngayon, masdan! Ano man ang sinabi Niya, kinilala ng Diyos kung ano ng sinabi Niya. Bulayin n'yo 'yun! Ano man ang sinabi ni Jesus, ipinangyari Ito ng Diyos. Kaya, alam Niyang ang mga Salita Niya ay mga Salita ng Diyos. Ngayon, tingnan n'yo! Ang Kasulatan ding 'yun ay bumaling pabalik sa atin, "Kung *inyong* sasabihin sa bundok na ito." Oh, grabe! Hahayaan ko—hahayaan ko munang tumimo 'yan nang kaunti, kita n'yo, dahil magkakaroon tayo ng pila para sa panalangin. Palalabasin na natin ang kongregasyon at mananalangin para sa mga maysakit, 'yung mga nais pong. . . kinakailangang umalis.

148 Tingnan n'yo! Alam Niyang nalugod Niya ang Diyos. Alam Niyang walang kahit ano ang maipipintas sa Kanyang buhay. Nagpatotoo na ang Diyos, "Ito ang minamahal Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalulugdan, pakinggan n'yo Siya! Ito ang minamahal Kong Anak na Siya Kong kinalulugdan na panahanan," sa araw noon ng Kanyang bautismo. "Nalulugod

Akong tumahan dito, walang paghatol sa Kanya sa anumang paraan."

149 Ngayon, kapag ang siya ring Diyos ay dumating sa inyo, at nalulugod na tumahan sa inyo, nalulugod na kilalanin ang inyong salita, kung ano ang pasya n'yo, . . . Ano ang pasya noon ni Josue? "Manatili ka, araw!" At nanatili ito roon. Amen! Tiyak! Ano ang pasya noon ni Moises? Hinawakan niya ang kanyang tungkod sa ibabaw ng—ng isang ilog nang *paganoon,* pagkatapos ay inutusan ito na "Mahawi ka!" At nahawi ito! Kita n'yo, ano man ang hilingin n'yo. "At kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan, kita n'yo, sa puso n'yo, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay mapapasainyo nga ang sinabi ninyo." Ibinabalik *kayo* nun sa Salita. Ngayon, hindi 'yun gatas. Kita n'yo? Ibinabalik *kayo* nun. Alam kong dadaan lang ito sa ibabaw n'yo mismo, marahil, kita n'yo, dahil hindi Ito makaangkla. Pero ang totoo't, tunay na pananampalataya ay masasalo 'yun, ngayon mismo.

150 Nasaksihan ko mismo ito, kaibigan. Narito ang Bibliang ito na nakalapag at nakabuklat sa harapan ko. Nasaksihan ko na itong mangyari, at alam kong ito ang Katotohanan. Alam ko, alam ng Diyos sa Langit, na baka hindi na ako mabuhay para matapos ang mensaheng ito, pero alam ko—alam kong nangyari ito. Nakita ko mismo. Isa akong saksi ng Salitang 'yun na natupad, na alam kong Ito ang Katotohanan: sinalita 'yun, at tumayo roon at nasaksihan ang Manlilikha na nagpalitaw ng isang buhay na nilalang, doon mismo sa harapan ng mga mata mo; mapapailing ka't mapapaisip; at pagkatapos titingin ka sa paligid at makikita uli Siyang nagpalitaw ng isa pa, nang talagang eksaktong katulad nun, dahil nga sinabi *mo*; at lilingon dito at sasabihin, "Magkaroon ng isa pa roon," at pagbaling mo, siyanga't hayun nga ito! Ngayon, 'yun ang katotohanan.

151 Oh, nasaan na dapat tayo? Hayan ang Sakdal na Pananampalataya. Walang pangitain, "Bigkasin lang ang Salita," walang squirrel na nakinita muna. Sinabi lang Niya ang Kasulatang *ito*, kung ano ito, at "Bigkasin mo ito, at huwag mag-alinlangan; kundi kung anong sinabi mo, ay magkakaroon." At pinaniwalaan ko ang Diyos sa Kanyang Salita, at naroon nga ito. Siyanga. Yun nga'y kasing makapangyarihan mismo . . . At kaibigan, bilang pastor n'yo, 'yun nga'y kasing makapangyarihan mismo kung papaanong pinatigil noon ni Josue ang araw; dahil naroon na 'yung araw, kumikilos ang mga elemento, at pinatigil niya ang paggalaw. Pero heto, pinalitaw Niya ang isang bagay roon na wala naman doon, lumikha Siya! Labis akong nagagalak na nakilala ko ang Diyos na kayang kumuha ng alabok ng lupa, balang araw, nang mula sa walang kahit ano, at tatawagin akong muli sa buhay, ang siya ring pananampalatayang 'yun, matapos na ako'y maibaon na sa libingan. Oh, grabe! Hayan nga ito.

Ang pananampalataya ko'y nakatingin sa Iyo,
Sa'yo na Cordero ng Kalbaryo.

152 Sabihin mo at huwag mag-alinlangan, kundi sampalatayanan na ang sinabi mo, ay mapapasaiyo. Kita n'yo, talagang sampalatayanang mangyayari 'yun!

153 Si David, sa Mga Awit, ay nagsalita patungkol sa Kanya. At sa pamamagitan nito, ginamit Niya ang Kanyang kapangyarihan at naglingkod Siya sa iba. Hindi lamang Niya itinago ito sa Sarili Niya, kundi naglingkod Siya sa iba sa pamamagitan nito; iniligtas din ang iba, maging sa kadulu-duluhan, at magagawa Niya ang ganoon din ngayon. At ipinangako ang ganoon ding pananampalataya sa mga mananampalataya, sa Kanyang Salita, at sa Juan...maging sa Juan 14:12, ganoon ang sinabi Niya; Marcos 16; at maging sa Marcos 11:23, kababasa lang natin.

154 Ngayon, masdan. Ngayon, nagpakita Siya sa atin sa parehong anyo na nagpakita Siya sa kanila sa Lumang Tipan, at sa kaparehong paraan na ginawa Niya sa Bagong Tipan; haya't ipinakita sa pamamagitan ng siya ring Salita, ang siya ring Cristo. At idinideklara ko sa inyo na si Cristo ay ang Espiritu Santo. Ang—ang ibig sabihin ng salitang *Cristo* ay "ang pinahiran"; isang tao mismo na pinahiran, 'yun ang Cristo, ang pinahiran. Ilan ang nakakaalam na totoo 'yun? Yun ang kahu-...Ang pinahiran, may isang tao mismo na pinahiran. Pinahiran ng ano? Sabi ng Biblia sa Mga Gawa 2, na si Jesus na taga-Nazaret, isang Lalaking pinatunayan ng Diyos, pinahiran ng Espiritu Santo; lumibot at gumawa ng mga dakilang gawa't mga bagay-bagay, kita n'yo, na inihayag ng Diyos, pinatunayang Siya ay nasa Lalaking ito.

155 At ngayon, pinahiran tayo sa parehong Espiritu, mga pinahirang mesiyas; mga mesiyas ng huling araw, para papagliwanagin ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo; para ipakitang hindi Siya patay, kundi nasa anyo ng Espiritu Santo, na Siya'y nasa Kanyang bayan; kumikilos sa gitna ng Kanyang Nobya, na may pakikipag-ibigan sa Kanya, na ibinubuhos sa Kanya, ang Kanyang Sarili. Sila'y naging isa na para sa Hapunan ng Kasalan; at ang parehong mga tanda, na ipinangako ng siya ring Diyos, sa siya ring Salita, ay ibinubunsod ang parehong mga pagpapakita Niya.

156 Wala nang natitira pa sa atin na gawin kundi ang sampalatayanan Ito, at ang "sampalatayanan ito" ay ang *katunayan*, at lumilikha 'yun ng isang Sakdal na Pananampalataya. Isipin n'yo na lang kung gaano—kung gaano tayong kamanhid; isipin n'yo lamang 'yun pansumandali, ngayon.

157 Ngayon, tingnan natin. Ginawa ba Niya ang lahat ng mga bagay nang maayos? May sinabi na ba Siya kailanman sa atin na anumang bagay, kundi 'yung nangyari mismo nang eksakto sa

paraan ng pagkakasabi Niya rito? Hindi ba't nagpamalas Siya, at hindi ba't napasa kalagitnaan natin ang dakilang Haliging Apoy at ginawa nang eksakto ang gaya ng ipinangako Niyang gagawin? Hindi ba't nakita na natin Ito? Hindi ba't nakuhanan Ito ng siyensya, matapos na paunang sabihin kung anong mangyayari bago pa man mangyari; naroon mismo at maging sa mga diyaryo at mga magasin, ay nailathala ito't ipinakita ito, samantalang sinabi na ito sa inyo nang maraming buwan bago pa man ito nangyari? Hindi ba't ginawa Niya nang eksakto kung paano ang ginawa Niya sa Lumang Tipan, at sa Bagong Tipan? At Ito'y eksaktong Siya rin mismo! Ang siya ring Espiritu Santo ay dumarating, at isang Kumikilala. "At ang Salita ng Diyos, na mas buhay at mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, Kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso." Hindi ba't tama 'yun? Hindi ba't 'yun ang siya ring Diyos? Ngayon, ang Siya ring Yun, hindi ito isang dayuhan na naroon sa ibang lugar, narito Siya. Narito Siya, na ginagawa ito para lumikha ng isang Sakdal na Pananampalataya. Nararamdaman ko Siya. Batid kong narito Siya ngayon. Alam kong ang Espiritu Santo Niya ay narito. Alam kong batid Niya ang lahat ng mga bagay. Amen! Alam kong ibig Niya na—na gumawa ng isang bagay. At may ginagawa na Siya, para—para likhain ang kasakdalan ng pananampalataya na ito sa mga tao.

158 Papasok ba tayo sa Walang Hanggan, kung papaano noon sa mga araw ni Noe, na may walong kaluluwang naligtas? Pupunta ba tayo gaya ni Lot, na may tatlo mula sa Sodoma? Pupunta ba tayo, gaya sa mga araw noon ni Juan Bautista, na may anim na mananampalataya? Manampalataya tayo, dahil sakdal ang Kanyang mga gawa! Nahahayag ang mga 'yun araw-araw at nang ganap sa harapan natin, na ipinapakitang Siya ang Salita, ang Salita! Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, sinasabi.

> . . .*ang salita ng Dios ay*. . .*matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim,*. . .maging *madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso*.

159 Bulayin n'yo 'yun! Ang Salita ng Diyos ay *Ganoon*, isa na Kumikilala ng mga haka ng puso. "Sapagkat ang Salita ng Diyos ay buhay at mabisa at higit na matalas kaysa alinmang tabak na may dalawang talim, tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, at ng mga kasukasuan at ng utak ng buto, at may kakayahang Kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso." Ang Salita na nagkatawang-tao! Hallelujah! Ang Salita'y kumikilos sa katawang-tao, sa pamamagitan ng mga pisikal na tanda, ng mga materyal na tanda, ng mga tandang ayon sa Kasulatan, nang ganap, para dalhin kayo sa isang Sakdal na Pananampalataya para sa isang Sakdal na Pag-agaw.

160 Bakit hindi natin Ito matingnan? Hindi hiwaga; inilagay ng diyablo ang lahat ng bagay sa mundo sa harapan n'yo, para subukang itali kayo, gawin kayong. . .pigilan kayo na

manampalataya Rito. Magdadala siya sa isang pagtitipon at sisikaping ipakita sa inyo ang lahat ng magagawa niya na maipakita sa harap n'yo. Pagpagin n'yo ito palayo sa inyo! Sinasabi ng Biblia, "Bumangon ka't magpagpag ka." Kurutin mo ang sarili mo.

161 Narito ang Kanyang Espiritu, kilala ka Niya. May isang bagay kang kailangang gawin, at 'yun ay sampalatayanan Ito, ang tanggapin Ito. Kumikilala Siya. Naniniwala ba kayo roon? Alam Niya kung ano 'yang nasa iyo, alam Niya kung ano ka, alam Niya ang hinahangad mo, alam Niya ang pangangailangan mo.

162 Jim, naniniwala ka bang alam Niya ang tungkol doon sa sanggol? Nilagnat bago kayo umalis, sandaan at lima ang temperatura. Sumasampalataya ka bang pagagalingin Niya ito? Dumating ka, ngayon, na may sakit ito. Lilisanin ito ng sakit. Tumanaw lang ako roon at nakinita sila bago sila umalis ng bahay, kung anong ginawa nila. Ngayon, totoo 'yun.

163 Gng. Little, naniniwala ka bang bibigyan ka ng Diyos ng pananagumpay sa diyabetis na 'yan? May babaing nakaupo sa tabi mo, hindi ka kilala, pero nasa kanya ang Espiritu. Ang inaalala niya'y tungkol sa isang munting . . . may anak siya na kinakailangang maoperahan ang isang mata o kung ano. Taga-Chicago siya. "Mas buhay, mas mabisa, kaysa sa tabak na may dalawang talim; at Kumikilala." Ano ito? Ang Salita! Naniniwala ba kayo roon? Tunay nga.

164 May ginang na nakaupo mismo sa kasunod na hanay riyan; katatapos lang magpaopera sa mata, hindi naging maayos. Pero iyong—iyong sampalatayanan Ito, ito'y magiging . . . ikaw nga'y—ikaw nga'y magiging maayos na ang lagay. Sinasampalatayanan mo ba Ito? Buweno. Siya, binubulay niya ang tungkol doon.

165 Gng. Peckenpough, hindi ito para sa iyo, para ito sa apo mo na 'yan na nakaupo rito. Ipinapanalangin mo ang tungkol dito, pero nananampalataya ka bang pagagalingin ito ng Diyos? Naniniwala ka na kayang sabihin ng Diyos sa akin kung ano ang diperensya sa kanya. Hindi alam ng mga doktor; hindi. Siyanga. Namamagang mga baga. Ganoon nga. Mayroon siyang sakit sa dugo. Tama! Medyo naguguluhan sila tungkol sa kung papayagan ba siyang pumasok sa paaralan o hindi. "Mas buhay, mas mabisa, kaysa sa tabak na may dalawang talim."

166 Nakikinita ko ang isang babae na natatapon lang ang pagkain niya. Nasa isang dako siya, hayaan n'yong makuha ko ang mukha niya sa kung saan. Oo, nakaupo riyan sa likod. Ang pangalan niya ay Gng. LewEllen. Sumasampalataya siya nang buong puso niya, lilisanin ka na ng sakit sa tiyan na 'yan. Amen!

167 Narito ang isang ginang na nakaupo mismo sa tapat niya, nakatingin sa akin mismo ngayon, nakaupo sa may dulo; nakasalamin siya. Mayroon siyang artritis. Sa kaliwang

kamay mo ito; dati ’yun, pero wala na ito ngayon. Oo, kung sasampalataya ka!

168 Paano naman itong munting bata, diyan lang sa likod? Nanggaling ito sa Ohio; may kanser sa mata. Naniniwala ba kayong pagagalingin ito ng Diyos? Gagawin Niya ito, sampalatayanan n’yo ito. Ashland, Ohio! Sumampalataya kayo ngayon na pagagalingin ito ng Diyos, gagawin Niya mismo ito. Ano Ito? “Mas mabisa, mas buhay kaysa alinmang . . . ”

169 Naritong nakaupo ang isang ginang dito, may tumama sa kanya, may diperensya siya sa kanyang balikat. Siyanga. Tama ba? Buweno, sampalatayanan mo Ito, at lilisan ito. Kita n’yo? “Ang Salita ng Diyos, na Kumikilala ng mga pag-iisip at ng mga haka ng puso.”

170 Ngayon, walang mga prayer card sa gusaling ito. Wala para maipanalangin. . . o walang naipamigay na prayer card. Hindi natin ’yun gagamitin dito, maliban na lang kung kailangan lang para mapanatili ang kaayusan. Gusto n’yo bang maipanalangin? Ilan ang nais maipanalangin habang nahahayag ang Salita sa pamamagitan ng laman? Tumayo lang po ang hilerang ito at dumako sa gawing ito, sa may pasilyong ito rito muna, dito mismo, sige’t kayo na gustong maipanalangin. Tapos, pagkatapos nun, ibig kong ang pasilyong ito rito ay pumunta sa likod nila. Tapos kapag natapos na sila, ang pasilyong ito naman ang pumunta.

171 “Mas buhay, mas mabisa, . . . ” Kaya ba ng tabak na may dalawang talim ’yun? Hindi, po! Pero kayang gawin ’yun ng Salita ng Diyos. Bakit? Ito ang Salita ng Diyos. Ngayon, naniniwala ba kayo rito?

172 *The Great Physician!* Nasaan na ang kapatid na babaing taga—taga-Tennessee, Kapatid na babaing Ungren, o Downing? “Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito.”

173 Hindi ko kailanman malilimutan ’yun, sa Fort Wayne noong gabing ’yun noong ’yung munting kabataang babaing Amish o Dunkard ay naupo roon, na tinutugtog ’yun, “Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito,” pagkarinig na pagkarining niya na gumaling ’yung munting batang lalaki, napalundag siya, bumaba ang Espiritu Santo sa kanya, lumugay ang maganda niyang buhok sa kanyang mga balikat, at di nagmintis ng tipa ’yung piyano. “Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito, si Jesus na siya namang mahahabagin na lubos.” May sobrenatural na kapangyarihan na nagpapagalaw sa mga tiklado ng piyano, tumutugtog ng “Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito.”

174 Tingnan n’yo, ang. . . Nananampalataya ka ba? [May nagsasabi, “ . . . ? . . . opo, ibig kong manampalataya.”—Pat.] Ibig mo? Kita mo? Ngayon tandaan mo, kapag dumaan ka. . . Ngayon, kung hindi mo ito sinasampalatayanan, huwag ka nang

pumunta, maupo ka na lang. Sabihin mo, “Hindi ako. Hindi ako madadapa rito. Pupunta ako, sinasampalatayanan ko ito.” Kapag ako . . .

175 Sinabi ng Biblia, “Lalakip ang mga tandang ito sa nagsisisampalataya. Kung papatungan nila ng mga kamay ang mga maysakit, sila’y gagaling.” Ganoon nga mismo. Ngayon, batay ’yun sa mga kondisyon, “kung sasampalatayanan n’yo Ito.” Ngayon, sinasampalatayanan ko ito. Pinatunayan na ito sa inyo ng Diyos, sinasampalatayanan ko Ito. Kita n’yo? Ipinapamalas Niya ang Kanyang Salita, para ipakitang ito ang Kanyang Salita. Isang katuparan ng Kasulatan, para patunayan na ito nga. Ngayon, sampalatayanan n’yo ito sa pagdaan n’yo. Maaari po bang gawin n’yo? At pagkatapos kapag pinatungan ko kayo ng mga kamay, . . . ’yun mismo ang sinabi ng Biblia.

176 May langis ka bang pamahid dito, Kapatid na Neville? Kunin mo po, at pumunta ka rito sa kabilang panig, isakatuparan mismo natin ang Kasulatan. Pumunta ka sa panig na ito rito, at pahiran mo ang bawat tao habang dumadaan sila, at ipanalangin natin sila. Ngayon, para matiyak ko, na makakamit ko ang panalangin na may kalakip na pananampalataya para sa bawat isa sa inyo, sige’t ipatong ng bawat isa ang inyong mga kamay sa isa’t isa na mga mananampalataya. Iabot lang ang kamay, at pagkrusin ang mga kamay n’yo sa isa’t isa. Dito tayo makasusumpong ng isang bagay sa loob ng ilang minuto.

177 Makikita ko kung gaanong kalayo na ang naabot ng aking iglesya, sa kung ano ang sinasampalatayanan natin; makikita kung gaano nang kalayo ang naaabot ng mga tao; kung gaano na sila kahandang kunin ang Tabak at magmartsa roon sa unang hanay, na magsasabi, “Hinahamon kita, Satanas. Kita n’yo? Hinahamon kita! Hindi mo—hindi mo na ako maibubunsod na mag-alinlangan pa.” Para saan ginagawa ang ganitong mga bagay? Para manampalataya ang mga tao. Ito ang Salita. Dito nun ipinapakita na ang ipinapangaral ko sa inyo ay Katotohanan, ang Salita. Ang Salitang nagkatawang-tao, nagkatawang-tao sa inyo; ginawang Salita; ginawang Buhay sa inyo, ginawang Buhay sa akin. Kita n’yo?

*The Great Physician!* Buweno, iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

178 Panginoong Jesus, ang dakilang Manggagamot ngayon ay narito sa malapit, Ikaw po ang Manggagamot. Ipinangaral ko ang Iyong Salita, inihayag ng Iyong Salita na narito Ka; na Ikaw ang siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman; na hindi Ka maaaring mabigo. Hindi mo kami kailanman binigo, Panginoon. At ngayon, ang bawat isa na nakapatong ang kanilang mga kamay sa isa’t isa, sumakanila nawa ang mga pagpapala ng Diyos. At habang lumalapit kami, sila’y mga mananampalataya. At habang pinapahiran namin sila ng langis, ng pastor at ako,

at padaanin sila sa pilang ito, dumaan nawa ang bawat isa rito na may pananampalataya para sampalatayanan ito, na malaman na ang Diyos mismo ng Langit ay narito. Pagpagin nawa ng bawat isa ang kanilang sarili. Maaari po ba maski sa isang pagkakataon lang na ito, Panginoon? Hayaan lamang sila . . . hayaan mismo silang mababad, Panginoon, nang minsan. Buksan Mo po ang mga mata nila, Panginoon, para makita nila kung anong nangyayari, at hindi maging bulag, na pasuray-suray, kundi makita ang realidad ng Presensya ng isang nabuhay na mag-uling Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

179 Binibilinan ko kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo, na huwag kayong pumunta sa pilang ito maliban na nadarama n'yong taglay n'yo ang Sakdal na Pananampalatayang 'yun, dahil kinukuha n'yo lang ang oras nila, ang oras ng iba. Huwag n'yong gagawin 'yun! At sa . . . sa hinaba-haba na nangaral ako sa inyo, may sinabi ba akong isa mang bagay sa inyo kundi kung ano mismo ang nangyari? Mismo! Ang Panginoon ang gumawa nun. Ginawa Niya 'yun hindi para sa akin, naniniwala ako. Ginawa Niya 'yun para sa inyo, para maniwala kayong ang sinasabi ko sa inyo ay ang Katotohanan. Ngayon sampalatayanan n'yo ito, magiging maayos ito, at ito . . . gagaling kayo. Pagdaan n'yo rito, ihulog n'yo ang kawalan n'yo ng pananampalataya mismo rito sa . . . isang espirituwal na bulsa rito. Hindi n'yo ito makikita pero naroon ito. Pagdampi sa inyo ng langis na 'yan, ihulog n'yo ang kawalan n'yo ng pananampalataya sa dakong 'yan mismo. Ihulog n'yo 'yun at humayo na may Sakdal na Pananampalataya na magaling na kayo. Maaari n'yo bang gawin 'yun? Pagpalain kayo ng Panginoon, kung ganoon.

180 Sige, hihilingin ko sa kung sinuman na kayang manguna sa mga awitin, para . . . Nasaan na 'yung mahusay na mangangaral, na si kapatid, na . . . ? Ano na uli ang pangalan niya? Capps, Kapatid na Capps. Nasa pila ba siya? Ano po? Halika rito, Kapatid na Capps, at tumayo ka roon at umawit (kasama ang kongregasyon) habang nananalangin kaming lahat, "Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito."

181 Habang pinangungunahan nila ito, umawit ang bawat isa ngayon sa puso n'yo. Huwag lang basta aawit, sasabihin, "Aawit ako, 'Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito, si Jesus na siya namang mahahabagin na lubos. Sasalitain, kaaliwan sa pusong hikahos, si Jesus na siya namang mahahabagin na lubos.'" Oh, oh, oh, grabe!

182 Nang buong lakas na maaawit n'yo! Sa inyong mga paa. Nang may kaliksihan sa espiritu n'yo. "Oo, ang Dakilang Manggagamot ay narito na ngayon, si Jesus na siya namang mahahabagin na lubos!" Pinatutunayan Niyang narito Siya mismo! Sumasampalataya ako sa Kanya. Amen.

183 Buweno. Hayaan ang. . .Hayaan ang mga may pananampalataya na pumarito sa unahan.

184 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya para sa kanyang kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sinasaway ko ang karamdaman.

185 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid ko, para sa kagalingan.

186 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong babae para sa kanyang kagalingan.

187 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid ko para sa kanyang kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus, pinapatungan ko ng aking kamay ang kapatid kong babae para sa kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong babae para sa kanyang kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng kamay ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng kamay ang kapatid kong babae.

188 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid ko para sa kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

189 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ito, ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus!

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

190 Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko. Bumuti na nawa ang lagay niya.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ito, ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

191 Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang batang ito. Diyos, ipagkaloob Mo ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munting batang lalaking ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munting batang babae na ito.

192 Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ito, ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

193 Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ito, ang kapatid ko, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo, Panginoon, ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, Panginoon. . .?. . .sa ikaluluwalhati ng Diyos.

194 Pinagagaling ang kapatid ko, sa Pangalan ni Jesus. Iwan mo ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang batang ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

195 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae . . .?. . .

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, Panginoon, pagalingin Mo po ang kapatid naming babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo ang kapatid ko, paigihin Mo po siya.

196 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ito, ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munting batang babae na ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang bata.

197 Pagalingin Mo po ang bata, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang munting batang lalaki, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang aking Kapatid na babaing Collins, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus.

198 Ihulog n'yo ang kawalan n'yo ng pananampalataya ngayon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

199 Ihulog n'yo ang kawalan n'yo ng pananampalataya sa kahon ngayon, dumaan, kumuha ng Sakdal na Pananampalataya.

Sa Pangalan ni Jesus, kunin mo ito. Mangyari nawa.

Sa Pangalan ni Jesus, ipagkaloob Mo ito, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, ipagkaloob Mo ito, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae! . . .?. . .

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

200 Pagpalain ka, kapatid. Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang aking Kapatid na Cox, Panginoon. Purihin ang Diyos!

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

201 Ngayon, tandaan n'yo, inilalagay ko ang bawat katiting na pananampalataya sa alam kong paraan, dito, para sa isang layunin.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munting batang babae na ito.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

202 Diyos, pinapatungan ko ng mga kamay ang sanggol. Kaya naman ito ay gagaling, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munting batang babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po itong kapatid ko.

203 Ang munting batang babae? Itaas mo ang mga 'yan sa'yo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo sila, Panginoon, para sa Iyong ikaluluwalhati.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang aking kapatid na babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

204 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko ang kanyang kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang munti kong kapatid.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

205 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid ko, ang bata.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po sila, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid ko, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

206 Pagalingin Mo po ang kapatid kong babae. Pagpalain Mo sila, Panginoon, para sa kanilang . . .?. . . sa Pangalan ni Jesus.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae, Panginoon.

Sa Pangalan ni Jesus, ipagkaloob Mo ang kanyang hiling.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

207 Ihulog n'yo ang kawalan n'yo ng pananampalataya. Lumapit kayo, na sumasampalataya ngayon, ipagkakaloob ito ng Diyos. Lumapit kayo, na sumasampalataya rito, at ipagkakaloob ito ng Diyos. Sinasampalatayanan ko ito, ginagamit ko ang lahat ng

pananampalatayang nalalaman ko kung paano. "Ipapatong nila ang mga kamay sa mga maysakit; sila'y magsisigaling."

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang kapatid ko.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang kapatid kong babae.

208 Kumusta ang tanawing ito, Kapatid na Neville? Kapatid na Dauch, isang tropeo ng biyaya ng Diyos! Heto ang lalaki na dapat sana'y patay na, isa o dalawang linggo na ang nakalipas.

209 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Diyos, tiyak ngang mahal Mo siya, Ama, dahil gumawa Ka ng mga dakilang bagay para sa kanya. Ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

210 Panginoong Diyos, sa kanyang minamahal na asawang babae, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan. Amen.

Yun na bang lahat?

211 Ngayon, iyuko na natin ang ating ulo ngayon.

The great Physician now is near,
The sympathizing Jesus;
He speaks the drooping heart to cheer,
Oh, hear the Voice of Jesus.

Sweetest note in seraph's song,
Sweetest Name on mortal tongue,
Sweetest carol ever sung,
Jesus, blessed Jesus.

212 Alam n'yo kung ano ang ginawa ko sa inyo? Tinatawag n'yo akong pastor n'yo, at mabuti ang sinasabi n'yo, dahil ako nga. Kung ako, na inyong pastor, ay kinilala ni Jesus Cristo, na ginagawa ko ang Kanyang gawa, kung ganoon ay paniwalaan n'yo ang salita ko, sa pamamagitan ng paggawa sa gawa ng pananampalataya, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa inyo, sinaway ko ang karamdaman at mga pagdadalamhati na gumagambala sa inyo, sampalatayanan n'yo 'yun, mapapasainyo ang inyong hinihiling, kahit na ano pa man ito, dahil ang lahat ng bagay ay posible sa kanila na sumasampalataya. "At kapag kayo'y nananalangin, sampalatayanan ninyong tinanggap na ninyo ang inyong hinihiling." At tunay na nananampalataya akong tinanggap ko na ito, at sa puso ko ay tinatanggap ko ang bawat isa sa kagalingan n'yo, tinatanggap ko ito, tapos na ito. Sinasampalatayanan ko ito, sinasampalatayanan nang buong katauhan ko. Ganoon din, habang nakapatong ang mga kamay ko sa mga panyong nakalapag dito, haya't pinagmamasdan ko ito nang malapitan, naniniwala akong ibubunga ng mga ito nang eksakto kung ano ang hiniling ng mga tao. Ako—ako nga'y sumasampalataya rito.

213 Papasok na ito roon sa Ikatlong Hatak! Ako—ako'y naniniwala. Ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang taos-pusong tanong, kayo na dumaan sa pila para sa pananalangin. Inyo bang aktuwal na pinaniniwalaan, at nadarama na ngayon, na may nangyari sa inyo mula nung mapatungan kayo ng mga kamay? Itaas n'yo ang inyong kamay! . . . ? . . . Hayan nga. Ito mismo ang hinintay natin. Ngayon, hindi ito . . . Nagsisimula pa lamang itong mamukadkad ngayon. Kita n'yo? Kasisimula pa lang . . . Ginawa ko ito nang may layunin. Ginawa ko ito nang may layunin. Mayroon akong ginagawa, kita n'yo, dinadala nito ang kargang ito na pananampalataya at bumabaling pabalik para magsimula't pumasok, kita n'yo, na para bang iangat ang pananampalataya sa isang antas kung saan di n'yo pa ito napansin na ganoon dati. Hindi isang pananampalataya, kundi isang Sakdal na Pananampalataya, na iniaangat ito *rito*. At pagmasdan n'yo ang isang sakdal na Diyos, na may sakdal na puso, na tinutupad ang isang sakdal na pangako, sa pamamagitan ng Kanyang Sakdal na Salita, na higit na matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim at Kumikilala ng mga pag-iisip ng puso. Ano? Parating na tayo ngayon sa kasakdalan, dahil kinakailangang makarating ang mga tao sa ganitong kalagayan para sa Pag-agaw. Yun ang pumipigil dito ngayon, 'yung paghihintay sa Iglesyang 'yun na makarating doon sa Sakdal na Pananampalataya para sa Pag-agaw, hinihintay ito. Ibig sabihin nga'y nangangailanga't nangangailangan ng marami pang pagkakayas sa akin, ganoon din sa inyo, pero sama-sama nating mararating ito sa biyaya ng Diyos. Amen.

The great Physician now is near,
The sympathizing . . .

214 Panginoong Jesus, pagpalain Mo po ang mahal kong kapatid. Pagalingin nawa ng Iyong Espiritu Santo ang pastor na ito, at panatilihin siyang malusog at malakas, sa gawaing-paglilingkod na tinawag Mo siya. Sa Pangalan ni Jesus. Inaangkin ko ito, Panginoon. Mahal ko siya. Inaangkin namin ito. Alam namin na ito'y tama. Sinasampalatayanan namin ito ngayon.

Sweetest carol ever sung,
O Jesus, blessed Jesus.

215 Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Bulayin n'yo mismo, dito nga ngayon, nagsimula nang kumilos sa inyong katawan, ang inyong kagalingan, dahil ipinangako Niya na mangyayari ito. At ngayon, kita n'yo, naunawaan n'yo ba kung ano ang sinabi ko ngayong gabi? Nakuha n'yo na ba ang talinghaga nito? Kita n'yo, "Kung *sasabihin ninyo* sa bundok na ito," kita n'yo, hindi mag-alinlangan, huwag mag-alinlangan, kundi manampalataya sa sinabi ninyo. Ngayon masdan n'yo ito, wala pang limang minuto, tumaas ang bawat kamay, na hudyat na nagsimula na ang isang gawa sa kanila ngayon mismo. Oh, grabe! Hayan nga Siya. Ganyan nga! Ano ito? Ang Presensya ng dakilang Manggagamot.

216 Oh, itaas natin ang ating mga kamay sa Diyos at awitin natin itong muli.

The great Physician now is near,
The sympathizing Jesus;
He speaks the drooping heart to cheer,
Oh, hear the Voice of Jesus.

Sweetest note in seraph song,
Sweetest Name on mortal tongue,
Sweetest carol ever sung,
O Jesus, blessed Jesus.

217 Tumayo lamang tayo pansumandali. Sambahin lamang natin Siya sa ating puso. Bulayin n'yo 'yun: ang Diyos, narito Siya. Narito Siya. Sino? Sino ba ang nagpakilala sa Kanyang Sarili bilang ang Salita? "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagsalaman ang Salita at tumahang kasama natin, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang Salita ay higit na matalas kaysa tabak na may dalawang talim, na Kumikilala maging ng mga pag-iisip at mga hangarin (kung ano ang ipinarito n'yo, kung ano ang pakay n'yo ng pagparito, kung sino kayo)"; ay ipinakilala si Jesus Cristo bilang Mesiyas, at ngayon ay ipinapakilala Siya Nito bilang ang siya pa ring Mesiyas, kahapon, ngayon, at magpakailanman.

218 Ang Dakilang Manggagamot, Na narito, Na nagsabi, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling. At kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalatya." Kung kaya Niyang lumikha ng mga squirrel, na wala ngang anumang paraan, o walang bagay roon para makasampalataya; haya't sarili kong pananampalataya ang dumako at nagbunsod nun, pananampalataya ko sa hamon Niya sa akin na humiling. Hinamon Niya ako na hilingin 'yun. At tinanggap ko ang hamon Niya bilang pagsunod sa Kanyang Salita, hiniling ko 'yun, at nagpakita nga ito! Alam ng Diyos sa Langit na totoo 'yun. Hindi ba't kaya Niya rin mismong magpagaling ng mga maysakit? Kung kaya Niya akong itaas sa isang pananampalataya na ganitong kataas, maging para sa mga tao, kahit na hindi pa sila makaakyat sa ganoong antas. Na kung di pa nila kaya, ay maaari Niyang gamitin ang pananampalataya ko. Kaya Niya akong itaas sa ganoong dako, at umaakyat ako para sa inyo. Nananampalataya ako para sa inyo. Nagsasalita ako para sa inyo.

219 Kapatid n'yo ako, tumatayo ako rito bilang kapatid n'yo, isang tagapamagitan, ginagawa ang lahat ng makakaya ko para iangat kayo sa harapan ng Diyos. At nakatayo ako rito mismo sa harapan ng Puting Luklukan ngayon, at itinatayo

’yung. . .itinuturo ’yung daliri ko roon sa duguang Hain doon, at nagsasalita sa pamamagitan ng Kanyang Pangalan na tapos na ito. Kinakailangan itong mangyari, at kinakailangan itong mangyari. Alam n’yong nangyari na ito. Alam kong nangyari na ito, gayundin kayo na nalalaman n’yong nangyari na ito, at ganoon nga. Siyanga. Amen.

Sweetest carol ever sung,
O Jesus, blessed Jesus.

Sweetest note in seraph song,
Sweetest Name on mortal tongue,
Sweetest carol ever sung,
Jesus, blessed Jesus.

220 At ang mga demonyo’y nakapasakop sa amin sa Iyong Pangalan, pinakamatamis na Pangalan sa dilang mortal. Ang mga demonyo. . . Yun—Yun ang nagbangon sa patay, Yun ang nagpagaling sa mga maysakit, nililinis Nun ang ketongin, pinapalayas Nun ang mga demonyo, gumagawa Yun ng mga Cristiano. Wala nang iba pang Pangalan sa ilalim ng Langit. Nabubuhay ako Rito, nabautismuhan Dito, sumasampalataya Rito, sumasamba Rito. Oh, mapahintulutan nawa na ako’y maging bahagi Nito. Maibunsod nawa na maiwaglit ko ang sarili ko; at matagpuan ito, Panginoon, sa Iyo, ang Pangalang ’yun na tinatawag na Jesus Cristo, ang pinahirang Mesiyas, para makapagpunyagi akong makalusong sa putik ng kawalan ng pananampalataya para isalamin ang kariktan ni Jesus Cristo: ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

221 Pagpalain kayo ng Diyos ngayon. Pagbalik n’yo rito sa susunod na Linggo, magpatotoo kayo kung papaano kayo pinagaling, kung anong nangyari ngayong sanlinggong ito. Antabayanan n’yo at tingnan kung anong mangyayari. Tapos na ito! “Papaano mo nalaman?”

222 Sinabi Niya sa akin na “sabihin ito,” at sinabi ko nga ito. Ganoon lang. Ganoon lang. Tapos na ito. Sinasampalatayanan ko ito. Ngayon, ang pastor, si Kapatid na Neville.

223 Pansumandali po. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita ng mga wika, isa pang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng paliwanag—Pat.]

224 Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Itaas natin ang ating kamay at sambahin Siya pansumandali.

225 Pinasasalamatan Ka namin, Panginoon. Pinasasalamatan Ka namin, Panginoon. Salamat po, Ama. Salamat po, Ama.

226 Bilang mananampalataya, napansin n’yo ba ’yung haba nung mensaheng sinalita; at ’yung paraan ng ritmo na sinalita ito, at masdan n’yo ’yung interpretasyon na pareho mismo? Hayan nga. Masdan n’yo kung ano mismo ito, eksakto sa Mensahe; at kinukumpirma mismo na ang bagay na ’yun ay Katotohanan,

na ginawa na Niya kung ano ang ipinangako Niyang gagawin. Pagmasdan n'yo ang paraan na binigkas 'yun, at masdan n'yo 'yung paraan nung paliwanag naman dito. Pagmasdan n'yo kung gaano *niyang* katagal sinalita ito, at masdan n'yo kung gaanong karaming salita ang sinabi *niya*, kita n'yo, sadyang eksakto.

Pagpalain kayo ng Panginoon, hanggang sa makita ko kayong muli. Amen.

*Sakdal Na Pananampalataya* TAG63-0825E
(Perfect Faith)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 25, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org